# *Ang Kapanahunan Ng Iglesya Ng Efeso*

Pagpalain kayo ng Panginoon.

Mayroon ba rito na nagmamaneho ng—ng Dodge, bagong Dodge, ang numero ng lisensya'y WX-2129, na nakaparada sa tapat lang ng kalsada roon? Nakalimutan nila ang ilaw nila, unahang ilaw nila't lahat, na bukas. At kung nandito ang nagmamaneho ng sasakyang 'yun, sige po, maaari kayong lumabas muna't patayin 'yung ilaw. Nandun lang po 'yun sa kaliwang bahagi ng kalsada, diyan po sa Eighth Street. Sa palagay ko po'y taga-New Albany ito na plaka, WX-2129. Pulang Dodge po, bagong Dodge, parang modelong '59, '60, o parang ganoon po. At di ko lang po alam kung 'yung nagmamaneho'y narito o may ibang nagparada lang...taga-ibang lugar. Buweno, ayos na. Sige't mabuti naman. Ngayon, hindi ko po masasabi na mga kababaihan lang ang nakakalimot gaya nun, dahil ako man ay nakakalimot din.

2 Buweno, tunay pong mainam na makabalik uli ngayong gabi sa gawain, at magdaos nitong mainam na panahon ng pagbubuklod na sama-sama sa palibot ng Salita. Kayo ba'y nagagalak tungkol Dito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, ganoon nga, tayo po'y nagtatamasa ng kamangha-mangha't, kahanga-hangang panahon. At ngayon ay umaasa tayo sa Diyos na tutulungan tayo sa pagpapatuloy natin.

3 Ngayon, ang kapatid ko po'y nagpunta't nagdala ng pisara rito, pero ito po'y—ito po'y masyadong maiksi, hindi sapat 'yung sukat nito para umabot sa taas. Kaya bukas, buweno, susubukan nating isaayos ito rito, isasabit sa taas at aayusin ito para... Gusto ko po kasing gumuhit ng ilang iba't ibang bagay na gusto kong ipaliwanag, para inyo po talagang...at para po talaga makasigurado na nakukuha n'yo Ito mismo.

4 Mangyari po...Kagabi, o kahapon po, ang munti kong anak na babae, si Sarah, medyo katuwa-tuwa po. Ang nanay niya't ako'y tinitingnan ang kanyang munting papel; nagtatala pala siya sa pangangaral ko. At naitala nga niya ang lahat nang tamang-tama, Isaias at Mateo at lahat. At dun sa dulo ng—ng papel, isinulat niya "At—at kamatayan...Ang kamatayan ay wala nang anumang katagumpayan dito, at ukol sa kamatayan ang tibo nito'y binunot na." Siya po'y nasa pitong taong gulang pa lang po. At mangyari rin na sa halip na isulat niya ay "Rebelasyon," ang sabi niya roon, "Ang aklat ng mga rebolusyon." Buweno, ipinapakita lang n'yan na talagang

interesado sila na magsikap na maunawaan ang mga bagay-bagay, sa anumang paraan, hindi po ba? Sa palagay ko po ang munting anak na babae ni Kapatid na Collins, nakaupo ang bata diyan sa likod, at ang isinulat nila'y ("Rebolusyon po ba"?), "Araw ng mga rebolusyon," sabi ni Kapatid na Neville. Sumasang-ayon siya sa kanya. Sa palagay ko'y lahat nga tayo'y dapat ganoon.

5 Buweno, tayo po'y nagtatamasa talaga ng dakilang panahon. Grabe, ang Panginoon ay talagang nagpapala. Ako po'y nagtungo't nag-aral kaninang umaga, sa isang silid, pagkatapos lang na maihatid ko ang mga bata sa eskuwelahan, at kani-kanina lang ako lumabas; talaga pong nagtatamasa ako ng maluwalhating panahon. Kagabi, ginabi na rin ako sa pag-aaral, siyanga.

6 At noong mga alas dos y media ng umaga may ilang tao na nanggaling ng norte, sinundo nila kami . . . sinundo nila ako para ipanalangin ang isang munting batang babae na naghihingalo. At sigurado po ako na ang Panginoon ay paiigihin ang kalagayan ng bata. Sila po'y nagtungo, galing pa ng Bedford, Indiana, para hingin ang kahilingan na ang munting batang babae'y maipanalangin. Dalawang kalalakihan ang nanggaling pa sa gawain kagabi at nagmaneho hanggang sa dakong 'yun dun, tapos pabalik din, tapos pabalik na naman uli. Siguro nga'y buong gabi silang nagmamaneho. At kaya, mainam na malaman na ang mga tao'y may ganoong klase ng pagtitiwala at sumasampalataya sa Diyos.

7 Oh, isa ngang dakilang araw itong kinabubuhayan natin. At umaasa tayo ngayon, patungkol sa mga kapanahunan ng iglesyang ito, na mapahayagan ng dagdag pang mga kapahayagan.

8 Ngayon sinisikap po natin na magpaumpisa nang mas maaga bawat gabi, para makapagpalabas tayo nang mas maaga rin. Mas gusto n'yo po ba 'yun? At kaya ang mga tao na kinakailangan pang pumasok sa trabaho, na makauwi sila't makapagtrabaho. Kagabi nakapagpalabas tayo nang mga lima, sampung minuto lampas ng alas nuwebe, o natapos po ako nang ganoong oras. At kaya ikinagagalak natin na makasama ang lahat ng mga bumibisitang ministro ngayong gabi. At ako—ako . . . sina Kapatid na Junior Jackson, Kapatid na Carpenter, at ang kapatid natin mula sa simbahan doon, at marami pang iba na narito po sa entablado at nariyan sa pagtitipon.

9 At nabanggit sa akin ngayong araw na isang tunay na kalugud-lugod na kaibigan ko na nakasa-kasama ko sa dako ng pagmimisyon, sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Andrew na nanggaling pa sa kaloob-looban ng Tsina, ang nakadalo sa pagtitipon kagabi. Grabe pong maluwalhating panahon ang tinamasa namin na magkakasama sa dako ng

Jamaica nitong lumipas na taong ito. Nagtamasa kami ng dakilang panahon, ako po'y tumuloy sa tahanan nila. At naku, kung . . . Iniisip ko lang kung sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Andrew ay narito kaya ngayong gabi sa—sa pagtitipon? Ang gusali pong ito'y hindi pa naitatayo nang maigi, kaya . . . Siyanga po, nakaupo sila riyan sa likod na likod. Iniisip ko lang kung maaari po kayong tumayo, Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Andrew, pansumandali. Pagpalain kayo ng Panginoon. Ikinagagalak namin na makita kayo, Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Andrew. Inimbitahan ko sila na bumisita rito noong isang taon noong nandun ako.

10 Ngayon, hindi ko po ito sinasabi dahil nandito sila (sa katunayan mas marami pa akong masasabi, pero hindi ko na lang po sasabihin ngayon), pero sila po talaga'y ang matatawag ko na tunay na mga misyunero. Kung makadadalo sila bukas ng gabi, sila po'y pagsasalitain natin dito bago tayo tumuloy. Nais kong marinig n'yo kung ano ba talaga ang mayroon sa mga dako ng pagmimisyon, noong sila'y naroon mismo sa kaloob-looban na wala po silang . . . Buweno, sila'y . . . Sa palagay ko po'y taon at taon at taon ang ginugol nila roon, at hindi sila nakakakita roon ng kahit isang kotse o isang tren, o ano man lang, nang taon at mga taon. At kung papaano ngang si Kapatid na babae'y gumagawa ng tinapay mula sa . . . Kung papaanong kailangan niya pa 'yung dikdikin. At . . . Ngayon, 'yan po'y tunay na pagmimisyon talaga. Si Kapatid na Andrew nga po'y may karayom at sinulid at siya po'y isang doktor, siya mismo ang tumatahi kapag sila'y natatastasan. At sa palagay ko kapag may bata . . . may mga bata na ipapanganak, si Kapatid na babaing Andrew ay isa pong kumadrona at si Kapatid na Andrew naman ay isang doktor. Kaya ang mga tao dun ay nakadepende sa kanila.

11 At pagkatapos noong ang mga pagmimisyon ng . . . mula Inglatera, ang Pentecostal Missions of England, noong sabihin nila na sila raw ay "may katandaan na para bumalik sa dako ng pagmimisyon," (sasabihin ko nga sa inyo kung gaanong misyunero talaga sila, hindi nga sila bumaling sa pahingahang-upuan at naupo na lang) kusa silang nagbalik, bumalik ng Jamaica at doon sila nagmisyon ngayon. Si Kapatid na Sothmann at ako rito'y nagkaroon ng pribilehiyo na magtungo sa kanilang tahanan at bisitahin sila, at grabeng kalugud-lugod na panahon ang ipinakita nila sa amin; talaga pong—talaga pong kaaya-ayang mga Cristiano talaga. At sinasabi ko sa inyo, hindi ko sinasabi ito para . . . Mas pipiliin ko na magbigay ng munting putol ng rosas ngayon kaysa sa isang malaking korona ng mga bulaklak pagkatapos na sila'y yumao na. Sinasabi ko po sa inyo, sila'y tunay na mga Cristiano talaga. At nabanggit ko sa maybahay ko na si Kapatid na babaing Andrew ay isa sa pinaka kalugud-lugod, na pinaka mabuting Cristianong kababaihan

na makikilala ng isang tao. Siya po'y sadyang. . . ang kanyang katangian ay talagang hinulma tungo kay Cristo, rin; at si Kapatid na lalaking Andrew, rin. Kaya, tiyak ako na lahat kayo'y nakita n'yo na ngayon sila na tumayo, nais kong ang buong iglesyang ito'y makipagkamay sa kanila at makinig sa ikukuwento nila bago sila umalis.

12 Ngayon, bukas, loobin ng Panginoon, haya't, tayo'y. . . bukas ng gabi tayo po'y magpapasimula rito sa ikalawang kapanahunan ng iglesya. Ngayong gabi magpapasimula naman tayo sa unang kapanahunan ng iglesya. Tiyak po ako na ang Panginoon ay may inilaan na pagpapala para sa atin.

13 At alalahanin n'yo, gaya ng sinabi ko noong una, kung minsan po'y sa mga bagay-bagay na ito'y marahil di tayo magkakasang-ayon dito hinggil sa—sa teolohiya. At marami sa mga petsa ko'y kinuha ko mula sa awtentikong mga mananalaysay ng kasaysayan, na tunay na hindi kumikiling sa alinmang panig, isinulat lamang nila ang mga katotohanan, kung ano man 'yun, kung ano ang ginawa noon ng mga iglesya. At ako. . . Siyanga po't, ang Makalangit na bahagi ng interpretasyon, sinisikap kong iposisyon 'yun sa sarili ko, sa pinaka mainam na alam ko kung papaano. At sakali pong kung minsan ay makapagsasabi ako ng kaunting magaspang o tuwirang pananalita gaya nun, hindi ko po 'yun sinasadya sa ganoong paraan. Alam po 'yan ng lahat, na mga nakakakilala sa akin, na hindi ko pakay na gawin 'yun. Nais ko lamang. . . Haya't upang maidiin nang husto ang isang punto, iyong. . . Katulad po ng nagpapako kayo ng pako sa isang tabla, kung itutusok n'yo lang 'yung pako roon, hindi 'yun kakapit. Kinakailangan n'yong pukpukin 'yun hanggang bumaon, para kumapit 'yun. At 'yan po ang sinisikap kong gawin. Kaya hindi po 'yan dahil sa kagustuhan ko lang na hindi sumang-ayon, dahil ako po'y nagsasalita para sa lahat ng mga denominasyon at iba pa, kaya hindi ito. . . ganoon.

14 Lagi kong sinasabi, katulad sa paghehero ng mga baka. Naalala ko mga taon na ang lumipas ako'y nakaupo isang araw noong sila'y. . . panahon ng tagsibol at tinitipon ang bakahan, dinadala 'yung bakahan sa kakahuyan, at tumutulong ako noon na dalhin ang bakahan doon sa, tinatawag nila na pangharang na bakod kung saan nagpapastol ang Hereford Association sa—sa Troublesome River Valley. At nakaupo ako roon na ang binti ko'y nakalaylay sa perilya nung angkasan, na pinapanood ang rantsero habang binabantayan niya ang mga baka na dumadaan doon sa pangharang na bakod.

15 Ngayon, kinakailangan na mayroon ka nung. . . 'yan po'y kapag tumatawid kayo sa dakong pagmamay-ari ng gobyerno, at kinakailangan na may kakayahan kayo na makapagbunton ng isang tonelada ng dayami bago kayo makapagpapapunta ng baka sa pastulan na 'yun. At bawat rantso ay nakakapagbunton

ng ganoong karaming dayami, sa ganoong karaming baka, kaya sa ganoon sila mapapayagan.

16 Ngayon, ang mga baka'y tumutungo roon na dala-dala ang lahat na ng klase ng hero. Ang ilan sa kanila'y may hero ng "Bar X." Si G. Grimes na katabi naming rantso doon haya't 'yung sa kanya'y "Diamond T," isang T na nasa isang dulo ng hugis-diamond. Mayroon ding "Lazy K," na nasa bukana ng Troublesome River. Yung sa amin ay "Turkey Track." Yung doon naman sa ibaba namin ay "Tripod." At naroon nga ang lahat na ng klase ng hero na dumadaan sa tarangkahan na 'yun.

17 At napansin ko na 'yung rantsero'y hindi niya kailanman pinagtutuunan ng pansin ang mga hero, hindi niya tinitingnan ang mga 'yun. Kung minsan kasi'y naroon 'yun sa kaliwang tagiliran ng baka, kaya hindi niya makikita 'yung hero. Kaya hindi 'yung—hindi 'yung hero ang binabantayan niya. Pero isa lamang ang sinisigurado niya, na walang baka ang makakapasok doon maliban na lang kung may etiketang tandaan ng dugo sa tainga nito. Kinakailangan kasi na thoroughbred na Hereford o hindi 'yun makakapasok doon sa kakahuyan. Walang kaso 'yung hero, 'yung etiketa ng tandaan ng dugo ang mahalaga. At iniisip ko na ganoon nga 'yun sa paghatol. Walang kinalaman 'yung hero na dala-dala natin, bagkus Siya'y titingin mismo sa etiketa ng tandaan ng Dugo, "Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo."

(Ngayon, may kaunting mali ako, Gene, diba?) [Sinasabi ni Kapatid na Gene Goad, "May alingawngaw ang mikroponong *ito*."—Pat.] (May alingawngaw. Sige. . . Dahil nag-aagawan 'yung dalawang mikropono, ganoon ba 'yun?) ["*Ito* po 'yung mas maayos at *'yan* naman 'yung di masyadong maayos."] (Sige. Salamat Kapatid na Gene. Sige.)

18 Ngayon sisikapin po natin na magpalabas nang maaga uli sa gabing ito, para tayo po'y makabalik bukas ng gabi't matalakay ang mga kapanahunang ito. At sinasabi ko sa inyo, napakahirap po para sa akin na di sabihin ang ilan sa mga dakilang bagay na narito mismo sa gilid ng daan; na para bang gusto ko nang sabihin agad ang lahat nang isang gabi lang. Alam n'yo, may ganoon po akong ugali, pero mamarapatin natin na huwag munang sabihin hanggang sa bawat gabi.

19 Ngayon, bago natin simulang buklatin ang maringal na Aklat, iniisip ko lang kung maaari lamang tayong tumayo pansumandali para. . . Ibahin n'yo muna ang posisyon n'yo. . . habang tayo'y tumatayo, sa mga may kayang tumayo. At atin lamang iyuko ang ating mga ulo ngayon, nang taimtim, para sa pagdulog na panalangin:

20 Makalangit naming Ama, kami po'y dumudulog muli sa Iyong dakila't Banal na Luklukan, dumudulog nang di paurong-sulong ang pananampalataya, dahil kami'y dumudulog dahil

kami'y inanyayahan na dumulog. Hindi namin masasabi na kami'y dumudulog sa pangalan ng isang partikular na simbahan o isang denominasyon, o sa pangalan ng iglesyang ito, o sa sarili man naming pangalan, dahil hindi kami makatitiyak doon, kung kami ba'y diringgin ng Diyos o hindi. Pero noong sabihin ni Jesus sa amin, "Hilingin ninyo sa Ama ang anumang bagay sa Aking Pangalan, Akin itong gagawin," kaya naman nalalaman namin na sa pagdulog namin sa Pangalan ni Jesus, Iyo pong pakikinggan kami, Ama.

21 Ikinagagalak namin nang lubos habang binabasa namin ang tungkol sa mga martir ng mga araw na nagdaan, kung papaanong sinelyuhan nila ang kanilang patotoo gamit ang sarili nilang dugo, kaya naman, Ama, nagbubunsod 'yun sa amin na makaramdam na anupa't katiting lang ang nagagawa namin sa panahon na ito. At dinadalangin ko sa Iyo, Panginoon, na Iyong patawarin ang aming—aming—aming kapabayaan, gaya ng nagagawa namin, ukol sa Iyong gawain. At dalangin namin na Iyong papahiran kami nang panibago habang binabasa namin ang Iyong Salita, at nakikita ang paghihirap na pinagdaanan nila noong mga araw na nagdaan para mabuo ang kanon na ito ng dakilang tinubos na Iglesya ng buhay na Diyos.

22 Dalangin ko po sa Iyo, Makalangit na Ama, na Ikaw po'y mangusap ngayong gabi sa pamamagitan namin dahil hindi po namin alam kung anong sasabihin; kami'y naghihintay lamang at hinihiling namin ang panalangin na ito rito dahil kami'y nasa Presensya ng Diyos sa Kanyang Iglesya, at aming hinihiling sa Espiritu Santo na nasa mga tao na paglakipin ang mga kapangyarihan Nito ngayong gabi at ipagligligan ang Ebanghelyo patungo sa bawat puso, na magbibigay sa amin ng isang bagong tindig at isang bagong pag-asa para sa kapanahunan na parating. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sapagkat nakikita namin ang puno ng igos na namumukadkad na at ang Israel ay nagiging isang bansa, at ang mga araw ng Gentil ay kumukupas na't bilang na, at kami'y nakatuon na sa pagdating ng dakilang Manunubos, ang aming Panginoong Jesus Cristo.

23 Ikaw po'y lumakad kasama namin, Panginoon. Gaya ng sinambit ngayong gabi, "Ikaw ay lumalakad sa gitna ng mga kandelero," kung ganoon po'y lumakad Ka sa kalagitnaan namin ngayong gabi, Panginoon. At balaan ang aming mga puso ukol sa kasamaan na parating, at bigyan kami ng kaunawaan sa Iyong Salita, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Maaari na pong maupo.

24 Ngayon, gaya ng sinasabi ko bawat araw, sinisikap ko na maisulat ang lahat sa papel sa abot ng makakaya ko, itong mga petsa, mga lugar, at iba pa, dahil pangyayari sa kasaysayan itong tatalakayin natin. Ito'y kasaysayan mismo, at ngayon

tutugaygayin natin ito, gayundin, na hinuhuwaran 'yun sa kapanahunan.

25 Ngayon, noong Linggo ng umaga at Linggo ng hapon... o Linggo ng gabi, pala, nagtamasa tayo ng maluwalhating panahon. Naniniwala ako na nagtamasa nga tayo. Ako man ay nagtamasa, din naman. At ang tungkol sa Kapahayagan...

26 Ngayon, ano ba ang pinag-aaralan natin? Ang Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo. At ano ba ang nasumpungan natin noong ipinakita ng Diyos ang kapahayagan at kung sino Siya? Ang unang bagay na nasumpungan natin, sa lahat ng mga kapahayagan, ay ipinaalam ng Diyos kung sino Siya. Na, si Jesus ay hindi ikatlong persona ng trinidad, Siya ang buong trinidad. Siya mismo ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. At 'yun ang kapahayagan. Apat na beses na binanggit 'yun sa parehong kabanata, na Siya ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat; Siya noon, ang ngayon, at ang parating; ang Ugat at Supling ni David.

27 Ngayon nalaman natin, pagkatapos, na sa mga bagay na ito ay sisikapin natin na klaruhin ang buong bagay, dahil di natin alam kung kailan uli natin mapapakinggan Ito, marahil hindi na, hanggang sa panahon na wala na't kumupas na sa Walang Hanggan. At ngayon, gaya ng sinasabi ko, marahil maraming mga kapatid, mga guro na mas kuwalipikado na magsalita kaysa sa akin, at marahil makapagbibigay ng mas mainam na interpretasyon ukol dito, pero inilagay ito ng Diyos sa puso ko na gawin ito at kaya naman magiging ipokrito ako nito kung hindi ko sasabihin nang eksakto kung ano ang iniisip ko na tama. Kita n'yo? Kaya, ako—ako sa tuwina'y nagnanais na malinis sa harap ng Diyos, sa lahat ng pagkakataon, na "Hindi ko ikinait," gaya ng sinabi ni Pablo, "na balaan kayo araw at gabi, na may pagluha, na ang iglesya'y makatayo sa panahon na yaon." Na kung may mapahamak man, ang dugo na 'yun ay wala sa aking mga kamay, dahil nais kong maging malinis ukol sa dugo ng lahat ng mga tao sa panahon na 'yun. Kaya kung kayo po'y di sasang-ayon, haya't, sa, mainam na mahinahon na paraan, ayos lang po 'yan. Ngayon, pero, marahil ang Panginoon ay maghahayag ng bagay na lilingap sa ating lahat, na sama-sama.

28 Ngayon, ang unang bagay, nakita natin na inihayag Niya ang Kanyang Sarili. Ngayon naunawaan na natin kung sino Siya.

29 Ngayon, sa pagtugaygay, gaya ng pagkakabanggit ko roon tungkol sa pagwiwisik, at pagbabautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo" na 'yun ay Katolikong pagbabautismo at hindi Protestante o Bagong Tipan na pagbabautismo, umaasa ako na napaging malinaw ko na 'yan. At hiniling ko sa sinuman na makakapagpakita ng isang teksto ng Kasulatan kung saan may sinuman sa binautismuhan sa Biblia o hanggang sa Konseho ng Laodicea kung saan binuo nila ang iglesyang Katoliko, kung saan may sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama,

Anak, Espiritu Santo," na sige't ipakita n'yo sa akin. At ikakabit ko sa likod ko, "isang bulaang propeta," at lalakad ako sa kalye. Ngayon, sinabi ko lamang 'yan . . . hindi para magmalupit, pero para ipakita lamang sa inyo ang Katotohanan. Kita n'yo?

30 Ngayon, pagkatapos nga'y inihayag Siya ng Biblia rito, na Siya ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, nagsalaman sa kalagitnaan natin. Kita n'yo? Hindi Ama, Anak, at Espiritu Santo; hindi ito tatlong diyos, o isang Diyos na pinaghati-hati sa tatlong bahagi. Ito'y isang Diyos mismo na gumaganap sa tatlong katungkulan: ang pagka-Ama, pagka-Anak, at ang Espiritu Santo. Ang Diyos na bumaba simula pa noon sa halamanan ng Eden, sinisikap na Siya'y makapanumbalik sa puso ng mga tao, para makapamuhay at maging mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos muli na kapiling Siya. Yun nga'y ang Diyos sa ibabaw natin, Diyos na kasama natin, Diyos na sumasa atin. Yun ang pagkakaiba. Kita n'yo?

31 At ngayon ang mga bagay na 'yun, at inihayag 'yun ng Biblia at lubusang sinabi 'yun sa unang kabanata ng Apocalipsis; na tanging Aklat sa Biblia, sa Bagong Tipan, sa buong kanon ng Bagong Tipan, haya't ang tanging Aklat mismo na inilagay ni Jesus ang Kanyang tatak doon. At ang sabi Niya, sa una Nun, "Mapalad ang nagbabasa at ang nakikinig." At sa dulo, ang sabi Niya, "Sinuman ang mag-alis ng anumang bahagi Rito, o magdagdag ng anuman Dito, ay maaalis siya, ang kanyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay." Kaya ito'y isang sumpa sa sinuman na mag-aalis ng anuman, ito kasi'y ang kumpletong Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo. Kaya kung gagawin natin Siyang tatlo, alam n'yo kung anong mangyayari. Kita n'yo, maaalis ang pangalan n'yo.

32 At walang kahit sino, walang Protestante, walang sinaunang iglesya ang naniwala kailanman sa tatlong diyos. Isa 'yung malaking isyu sa Konseho ng Nicea, at kapwa sila naghiwalay na sanga; nagsanga sa gawing *ito*, gaya ng sinasabi. Ang *trinitarian*, ang mga triune na naniniwala sa trinidad, na sa dulo'y bumuo sa iglesyang Katoliko, sila'y napagawi sa ganap na trinidad, ginawang "tatlong" persona ang Diyos. At 'yung isa nama'y naniwala na ang Diyos ay "isa," at sila nama'y tumugaygay sa kabilang direksyon na naging *unitarian*. Kapwa sila mali. Ang Diyos ay di kailanman . . .

33 Si Jesus ay di maaaring siya ring Kanyang sariling ama, at hindi rin maaaring si Jesus ay may ama at Siya ay . . . magiging tatlong diyos kung ganoon. Hindi 'yun—hindi 'yun uubra. Dahil kung Siya'y may isang ama, at ang ama na 'yun ay ibang lalaki maliban sa Kanya, kung ganoon Siya'y may . . . at 'yung Espiritu Santo'y Ama rin Niya, lalabas na ilehitimong anak Siya. Ang sabi ng Biblia ang Espiritu Santo ang Kanyang Ama. At kung taglay natin ang Espiritu Santo, kung ganoon ay hindi 'yun ang Espiritu Santo, ang Ama 'yun na nasa atin sa pangalan ng

Espiritu Santo, na ginagamit ang katungkulan sa atin, dahil 'yun ay minsan naroon sa isang persona na tinawag na Espiritu, at bumalik at Ito'y nasa atin na ngayon, ang siya ring Diyos na Jehovah. Kita n'yo?

34 Walang tatlong diyos. Pagano't hetano ang tatlong diyos, at nadala nila 'yun dun. At kung makakapanatili kayo sa buong sanlinggo at hindi lang sarado ang opinyon, bagkus mag-aantabay, titingnan ito, sa kasaysayan. Tingnan n'yo ang siya ring mga kasaysayan gaya ng tiningnan ko o ng sinuman, alinmang kasaysayan. Atin mismong malalaman, na ang lahat ng kasaysayan ay sumasang-ayon sa siya ring bagay. Ang mga mananalaysay na ito ng kasaysayan ay walang kinikilingang panig, ang interes lamang nila'y sabihin ang katotohanan, kung ano mismo ang nangyari. At masdan n'yong maigi kung papaano gumapang ang bagay na 'yun sa panahon ni Luther at nagpatuloy sa panahon ni Wesley, at pagkatapos ay nailantad sa huling mga araw, ang bautismo na 'yun sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Haya't makita n'yo na ito'y nanggaling sa iglesyang Katoliko, sa Madidilim na Kapanahunan, tumugaygay sa panahon ni Luther, papunta sa panahon ni Wesley, pero sa pagitan ng panahon ni Wesley at ng Laodicea (sa dulo) ito nga'y mailantad. Ganoon nga. Ngayon, at ang lahat ng 'yun ay kasaysayan, at hindi lamang kasaysayan, kundi ito'y ang Biblia.

35 At ngayon, ngayong gabi, tayo'y dumadako na sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya na pitong iglesya na naroon sa Asya Menor noong panahon na isinusulat ang Aklat. Ang mga kaiglesyahan na ito noong panahon na 'yun ay may mga katangian ng kapanahunan ng iglesya na parating pa lang noon, dahil 'yung . . . Marami pa namang iglesya kaysa sa 'yun lang, ang iglesya ng Colosas at marami pang iba noong panahon na 'yun, pero pinili ng Diyos ang mga iglesyang ito dahil sa kanilang mga katangian.

36 Ngayon, nasumpungan natin na Siya'y nakatayo sa gitna ng pitong gintong kandelero, Siya'y may pitong bituwin sa Kanyang kamay. At ang pitong bituwin na 'yun, ang sabi Niya, sa ika-20 talata ng unang kabanata, na "Sila'y ang pitong anghel sa pitong iglesya."

37 Ngayon, ang mga tao sa Biblia hindi nila nauunawaan ang Kapahayagan na ito. Dahil, anong mabuting maidudulot nun sa kanila na sila'y magmamatyag at maghihintay kung alam na nila noon pa na aabutin pa ng libong taon bago dumating si Jesus? Hindi 'yun ipinahayag sa kanila.

38 At sinasabi ko ito, sa inyo na mga narito, kayo na mga Katoliko, sa inyo na mga Lutheran, sa inyo na mga Methodist, at iba pa, hindi 'yun ibinigay kay Martin Luther, ang Liwanag sa Salita na para sa panahon ngayon. Ni hindi rin 'yun ibinigay

kay John Wesley. Si John Wesley ay nangaral tungkol sa pagpapaging banal na hindi nakita ni Luther. At ang Liwanag ay dumarating kapag nangangailangan na tayo ng Liwanag na 'yun. Sinabi Ito ng Diyos, at Ito'y hindi pa binubuksan sa atin dahil Ito'y nakatago sa ating mga mata hanggang sa araw na ihayag na Ito mismo ng Diyos. Iniisip ko nga kung ano pang mayroon pagkatapos na tayo'y umalis na? Siyanga, kumbinsido ako na marami't, marami pang bagay ang hindi natin nalalaman. Ganoon nga. Nariyan ang Pitong Tatak, kung pag-aaralan lang natin ang buong Aklat ng Apocalipsis, na natatatakan sa likod ng Aklat. Hindi man lang 'yun. . .hindi 'yun isinulat sa Aklat. At ang mga Tatak na ito'y bubuksan lang sa kapanahunan ng iglesyang ito, at ang pitong huling hiwaga ng Diyos ay mala-. . .ibubunsod na maalaman. Oh, gustung-gusto ko ngang ipagpatuloy ito buong taglamig at tugaygayin Ito mismo. Siyanga, po! Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya.

39 Gaya ng narinig ni Daniel ang pitong kulog, at pinagbawalan; at narinig ni Juan ang mga tinig, at ang Aklat na ito'y tinatakan, at ang likuran ng aklat ay tinatakan ng Pitong Tatak; pero sa mga araw na ang Mga Tatak na ito'y bubuksan, "Ang hiwaga ng Diyos ay magaganap." Sa madaling salita, ang Diyos ay mapagkikilanlan sa Kanyang Iglesya; hindi sa tatlong persona, kundi bilang isang Persona. "Ang hiwaga ng Diyos ay maihahayag," at kung ganap na 'yung mahahayag, kung ganoon ang pitong hiwaga ay mabubuksan sa Iglesya; dahil, doon, ang Iglesya ay mamumuhay sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, na Siya'y kikilos papasok at papalabas at magpapamalas ng Kanyang mga tanda ng pagiging buhay at nasa kalagitnaan natin, nabubuhay sa kalagitnaan natin, at tayo nama'y sinasamba ang buhay na Cristo na nasa kalagitnaan natin.

40 Huwag na huwag kayong titingin sa naglalakihang mga simbaha't malalaking bagay. Sa pagsapit natin sa kapanahunan ng Pentecostal, tunay nga na makikita n'yo kung saan sila naligaw. Ang ibig sabihin mismo ng iglesyang *Laodicea* ay "mayaman, hindi nangangailangan ng anuman," at hubad, aba, bulag, maralita, at hindi 'yun nalalaman. Kita n'yo? Ang pinagtutuunan nila'y malaking pera, at mga gusali, at lahat na ng iba pa.

41 Samantalang, ang Iglesya sa tuwina'y laging ang—ang mga itinakuwil ng sanlibutan. At heto sila: kinamumuhian ng lahat ng mga tao, itinatakuwil, sa mga eskinita, saanman sila maaaring tumira. Basahin n'yo ang Mga Hebreo 11, at kunin n'yo ang huling anim o walong talata nun, kung papaanong sila'y "nagsisilakad nang paroo't parito sa ilang, at—at ang suot-suot ay balat ng tupa at balat ng kambing, at salat, at nangapipighati, at tinatampalasan." Ang mga taong 'yun noon, papaano kaya maikukumpara ang ating patotoo sa patotoo nila

sa araw ng Paghatol? Kita n'yo, ang mga tao na 'yun noong panahon na 'yun.

42 Ngayon, sa kapanahunan na ito ng iglesya. . .May pito tayong iglesya, ngayon nais kong ilagay ito sa pagkakaposisyon. Sa tingin ko hindi n'yo yata nakikita ito mula riyan, marahil may ilan sa inyo na nakakakita, di ko lang sigurado, pero sisikapin kong ipakita, (alam ko na hindi n'yo makita, sa pagkakaupo n'yo riyan), hindi n'yo makita itong Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Pero sige't hahawakan ko sa kamay ko para maunawaan n'yo.

43 Nagsimula ito, ang Iglesya'y nagsimula sa Pentecostes. Mayroon bang makatututol diyan? Wala, po! Ang Iglesya'y nagsimula sa Pentecostes kalakip ang isang Pentecostal na Pagpapala, at itinalaga ni Jesus Cristo na magpatuloy hanggang sa huling araw kalakip ang siya ring Mensahe at ang siya ring pagpapala na kumikilos sa atin. Ang Kanyang huling atas sa Kanyang Iglesya, Marcos 16, "Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral ang Ebanghelyo, ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Ngayon, hanggang saan po? "Sa buong mundo." Kanino? "Sa bawat nilalang." Itim, kayumanggi, dilaw, puti, anumang nilalang, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Ngayon, ngayong gabi tayo'y papalapit na roon, tayo'y humahawi na mismo ngayong gabi, bawat gabi'y tumatabas tayo nang malaking tipak Nito hanggang sa makadako tayo sa atin na mismong kapanahunan ng iglesya. Ngayon, nasumpungan natin na 'yun ang Kanyang atas.

44 Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya'y ang iglesya ng Efeso. Ang ikalawang kapanahunan ng iglesya ay ang Smirna. Ang ikatlong kapanahunan ng iglesya ay ang Pergamo. Ang ikaapat na kapanahunan ng iglesya ay ang Tiatira. Ang ikalimang kapanahunan ng iglesya ay ang Sardis. Ang ikaanim na kapanahunan ng iglesya ay ang Filadelfia. At ang ikapitong kapanahunan ng iglesya ay ang Laodicea.

45 Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya'y nagsimula noong mga A.D. 53, noong itatag ni Pablo ang iglesya sa—sa Efeso. Sa kanyang unang misyunerong paglalakbay, itinatag niya ang iglesya sa—sa Efeso, ang iglesyang Efeso, at naging pastor dun hanggang sa siya'y pugutan ng ulo noong 66, kaya umabot siya nang dalawampu't dalawang taon ng pagiging pastor sa iglesya ng Efeso. Matapos ang kanyang kamatayan haya't sinabi sa atin na si San Pablo. . .o si San Juan divino ang naging pastor ng iglesya at dinala 'yun hanggang dito sa kapanahunan na ito, at ang kapanahunan ng iglesya'y umabot hanggang taon 170.

46 Tapos pagkatapos ng Kapanahunan ng Iglesyang Efeso, mula A.D. 53 hanggang A.D. 170, tapos simula sa Kapanahunan ng

Iglesyang Smirna na nagtagal mula A.D. 170 hanggang A.D. 312. Pagkatapos dumating ang Kapanahunan ng Iglesyang Pergamo, at ang Kapanahunan ng Iglesyang Pergamo'y nagsimula ng 312 at nagtagal hanggang A.D. 606. Pagkatapos dumating ang Kapanahunan ng Iglesyang Tiatira, at ang kapanahunan ng iglesyang Tiatira'y nagsimula ng 606 at tumugaygay hanggang 1520, sa Madidilim na Kapanahunan. At pagkatapos ang Kapanahunan ng Iglesyang Sardis ay nagsimula noong 1520 at nagtagal hanggang 1750, ang kapanahunan ng Lutheran. Pagkatapos mula 1750, ang sumunod na kapanahunang dumating ay ang Filadelfia, kapanahunan ni Wesley; na nagsimula noong 1750 at nagtagal hanggang 1906. At noong 1906 umiral ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, at hindi ko alam kung hanggang kailan ito magtatapos, pero ang prediksyon ko ay matatapos hanggang 1977. Prediksyon ko ito, hindi ang Panginoon ang nagsabi nito sa akin, pero prediksyon ko ito batay sa isang pangitain na ipinakita sa akin mga ilang taon ang nakararaan, na, lima sa mga bagay na 'yun (sa pito na 'yun) ay nangyari na.

47 Mga . . . Ilan pa ba ang nakakaalala nung pangitain, dito sa iglesya? Siyanga. Sinabi mismo, kung papaanong si Kennedy ay mahahalal nitong huling eleksyon. Kung papaanong ang mga kababaihan ay pahihintulutan na bumoto. Kung papaanong isasangkot ni Roosevelt ang mundo sa giyera. Kung papaanong lulusob si Mussolini sa Ethiopia, ang una niyang pagsalakay, at sasakupin 'yun; na 'yun ang huli, mamamatay siya pagkatapos nun. Kung papaano nga na ang naglalakihang mga ismo na ito'y lilitaw at ang lahat nito ay dadausdos tungo sa Komunismo; ang Hitlerismo, at Mussolini, at Ko- . . . Nazismo, at iba pa, ang lahat ay dadausdos tungo sa Komunismo. At labing-isang taon bago 'yun mangyari, sinabi nito na "Tayo'y makikidigma laban sa Alemanya, at ang bansang Alemanya ay magkukuta sa likod ng kongkreto," ang Maginot Line. Ganoon nga mismo ang nangyari. Ang sabi noon, pagkatapos nun, hahantong sa dako na . . . darating ang panahon na ang siyensya'y tataas ang antas nang husto hanggang sa makaimbento sila ng kotse, na ang mga kotse'y mas maghuhugis "itlog" sa paglaon. At ang pangitain na 'yun ay sinabi rito sa dako kung saan nakatayo ngayon ang Church of Christ, sa lumang Mes- . . . bahay-ampunan. Si Charlie Kern, marahil narito siya sa gusali ngayong gabi, ay nakatira sa lugar na 'yun noong panahon na 'yun. Isang umaga ng Linggo mga bandang alas siyete ito nangyari. At ang sabi Nito, "Pagkatapos ay darating ang panahon na sila'y makaiimbento ng kotse na hindi na mangangailangan ng manibela sa loob nito, kokontrolin 'yun ng kung anong klaseng puwersa." Mayroon na sila nun ngayon. Mayroon na sila nun ngayon, magnetikong puwersa, kontrol gamit ang radar. Hindi na nga nila . . . itatakda lang sa radar mo kung saan ka pupunta, kusa kang dadalhin nun, hindi na kailangang magmanibela.

48 Ngayon, at ang sabi nun dun, "Sa panahon na 'yun, may isang dakilang babae ang titindig sa Estados Unidos." At siya'y nadadamitang mainam at maganda, pero siya'y malupit sa puso. At nilagyan ko ng panaklong ang pangitain na 'yun, doon sa dilaw na papel, sabi, "marahil ang iglesyang Katoliko." At ang mga kababaihan yamang pinayagan nang bumoto ay tutulong na mahalal ang maling tao para sa bansang ito. At 'yun na 'yun mismo ang ginawa nila. Eksakto mismo. Ngayon, sabi, "Yun na ang simula."

49 Ngayon isa pang bagay na sinabi nito, ay. . . Haya't bigla-bigla nga pagkatapos nun, nakita ko ang bansang ito na nagbabaga, sadyang sumambulat na nagkapira-piraso. Ngayon, kung 'yung mga bagay na 'yun ay nangyari, ganoon din itong isang ito. Tayo'y nasa. . . Yan ang dahilan kung bakit nandito ako ngayong gabi na pinagsisikapan na ihatid ito at ipresenta ito sa mga tao rito sa Jeffersonville, dahil ako'y naghahanda nang sumabak sa dako ng pagmimisyon malapit-lapit na uli, at hindi ko alam kung anong oras ako tatawagin na o aagawin. Ako—ako. . . hindi natin 'yan alam. At nais kong makasigurado na ako'y. . . ipaalam sa iglesya ang oras na kinabubuhayan natin, dahil ipananagot ako rito ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

50 Ngayon—ngayon, bawat isa sa mga iglesyang ito, batay sa Kasulatan doon, ay may isang anghel. At ang anghel ay isang. . . Ilan po ang nakakaalam kung anong ibig sabihin ng *anghel*? Yun nga'y isang "mensahero," isang mensahero. At may—at may *pitong anghel* sa pitong iglesya, na ang ibig sabihin ay "pitong mensahero." Ngayon, at sila'y mga bituwin sa Kanyang kamay. At sa Kanyang kamay ay itong—itong labing-dalawang. . . itong pitong bituwin ay ipaaaninag ang Liwanag ng Kanyang Presensya sa araw ng gabi na kinabubuhayan natin. Kung papaanong ipinapaaninag ng mga bituwin ang araw sa lupa, nagbubunsod ng liwanag para tayo'y makalakad, at makakilos-kilos sa paligid kapag oras ng gabi.

51 Ngayon nalaman natin, na noong panahon na ito, na ang bawat isa sa mga anghel na 'yun ay may posisyon at dako mismo. At, mga kapatid, ngayong gabi ay hindi tayo makadadako roon, dahil alam na natin ang anghel ng unang iglesya, pero magiging mahiwaga't maluwalhating bagay nga na masumpungan at hanguin mismo sa kasaysayan, sa mismong harapan n'yo, ang mga anghel ng iba pang mga iglesya. Ang anghel ng unang iglesya'y si San Pablo, siya ang nagtatag nito, ang mensahero ng Diyos. Ang anghel ng iglesya ng Efeso ay si San Pablo. Ang iglesya. . . Ngayon, ang dahilan kung bakit ko. . .

52 Ngayon, itong mga iba rito'y marahil di kayo sasang-ayon, pero ako po'y naupo nang ilang mga araw at mga araw sa ilalim ng inspirasyon hanggang sa naramdaman ko ang Espiritu Santo na hinagip ako't pinahiran ako para rito. Yan

ang dahilan kung bakit nalalaman ko. At subaybayan n'yo ang mga kalalakihan na ito na mga pinili, kung kayo'y isang mananalaysay ng kasaysayan, ang mga lalaking ito'y. . .Ang siya ring mga kalalakihan na ito na inilista ko rito, at nalalaman sa pamamagitan ng kapahayagan na sila nga ang mga anghel sa iglesya, sila'y may parehong pagmiministeryo na ginawa ng mga ito sa pasimula. At ang ministeryong 'yun ay hindi maaaring magbago, kinakailangan na manatiling pentecostes hanggang sa buong tugaygay mismo.

53 Ngayon, ang mga mananalaysay ng kasaysayan na nakaupo rito'y di sasang-ayon sa akin ukol sa lalaking ito; pero sa iglesya ng Smirna, si Ireneo ang nalalaman ko mismo na anghel para sa panahon na 'yun. Si Polycarpo, marami sa inyo ang magsasabi na si Polycarpo, dapat, sasabihin n'yo na siya dapat. Pero si Polycarpo'y mas sumandig sa organisasyon at sa Katoliko, ang relihiyon na parating na noon. Pero si Ireneo ay isang lalaki na nagsalita sa iba't ibang wika, at kamit ang kapangyarihan ng Diyos, at ang mga tanda'y lumalakip sa kanya. Siya ang Liwanag na anghel ng Diyos, at tangan-tangan niya ang Liwanag matapos na si Polycarpo'y ipinako sa krus o pinatay, pinaslang, mangyari nga si Ireneo ay isa sa kanyang mga estudyante, at si Polycarpo nama'y isang estudyante ni San Pablo. . .o ni San Juan. At pagkatapos humalili si Ireneo sa lugar niya, at dinala niya ang Liwanag.

54 At ang anghel ng Liwanag naman ng—ng Pergamo ay ang dakilang si San Martin. Hindi ako naniniwala na may lalaki na nabuhay sa mundo, maliban kay Jesus Cristo, na hihigit pa kay San Martin. Kapangyarihan? May mga mamamatay-tao nga na pumunta sa kanya para pugutan siya ng ulo (naniwala siya sa mga tanda't mga kababalaghan, at sa Pentecostal na Pagpapala), at nung magtungo sila roon, papatayin na sana nila siya, haya't siya mismo ang naghawi ng kanyang balabal at nag-umang ng kanyang leeg sa kanila. At noong hugutin na noong mamamatay-tao ang espada para tagpasin ang kanyang ulo, isinubasob siya ng kapangyarihan ng Diyos, at ang tao'y gumapang sa kanyang mga tuhod para hilingin sa kanya na. . .?. . .Amen. Haya't siya ang anghel sa iglesya.

55 Iba pang mga bagay. Subaybayan n'yo kung papaanong kanyang. . .Isa sa mga kapatid niya'y ibinitay, nasa daan siya noon para hanapin siya, tingnan n'yo po kung anong nangyari. At noong makarating siya roon, nabitay na pala nila siya. Nakahiga siya roon, patay, at 'yung mata niya'y pumaloob na sa kanyang ulo. Pumunta siya roon sa kapatiran at lumuhod at ipinatong ang kanyang katawan sa ibabaw nung kapatid nang isang oras, habang nananalangin sa Diyos. At ang kapangyarihan ng Diyos ay dumako roon sa lalaki at ibinangon siya, inalalayan sa kamay at lumakad na palayo kasama siya sa dakong 'yun. Nasa kasaysayan po 'yan, katulad

nina George Washington, Abraham Lincoln, o kung sino pa. Kasaysayan ’yan.

56 Siyanga, po! Si San Martin ang anghel sa iglesya ng Pergamo, na, ang iglesyang nagkakasal na dinadala sila sa Katolisismo pagkatapos nun.

57 Ang anghel ng iglesya ng—ng Tiatira ay si Columba.

58 Ang anghel ng iglesya ng Sardis, ang patay na iglesya . . . ang ibig sabihin ng salitang *Sardis* ay "patay." Lumantad dun na may pangalan, pero hindi ang Kanyang Pangalan, "Kundi isang pangalan na ikaw ay nabubuhay, pero ikaw ay patay." Masdan n’yo kung papaanong inilabas nila ang bautismo na ’yun noong panahon na ’yun. Kita n’yo, nagmula roon. Ang anghel ng iglesya ng Sardis ay si Martin Luther, ang unang repormista.

59 Ang anghel ng iglesyang Filadelfia ay si John Wesley, ang mensahero nito.

60 At ang anghel ng iglesya ng—ng Laodicea ay hindi pa alam sa ngayon. Pero malalaman din balang araw, pero marahil siya . . . nasa lupa na. "Ang mayroong tainga . . . " [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . makilala ang kapanahunan na ito na kinabubuhayan natin. Diyos ang gagawa ng paghatol ukol doon.

61 Ngayon, pansinin n’yo ngayon, at dadako na tayo ngayon sa Mga Kasulatan, pabalik sa unang kapanahunan ng iglesya. Ngayon gusto ko lang . . . Mayroon po ako ritong mumunting mga bagay na naisulat na nais kong pakinggan n’yong maigi.

62 Ang unang iglesya, ang iglesya ng Efeso, ang mga gawa ng iglesyang ’yun, ang sinasaway sa kanila ng Diyos, ay yaong mga gawa na walang pag-ibig. Ang kanilang gantimpala ay Punongkahoy ng Buhay.

63 Ang iglesya ng Smirna ay iglesyang inusig, dumaan sa mga kapighatian. Ang gantimpala naman ay putong ng Buhay.

64 Ang ikatlong iglesya, Pergamo, ang kapanahunan ng huwad na doktrina, pagsisinungaling ni Satanas, at ang pundasyon ng pamamahala ng papa, ang pagkakasal ng iglesya’t ng estado. Ang gantimpala ay manna na natatago at isang puting bato.

65 Ang iglesya ng Tiatira ay ang iglesya ng papa na nang-aakit, ang Madidilim na Kapanahunan. Ang gantimpala ay kapangyarihan at pamamahala sa mga bansa, at ang Tala sa Umaga. Yun ang mumunting minorya na nakapanagumpay.

66 Ang iglesya ng Sardis ay ang kapanahunan ng repormasyon, ang malakihang pagmimisyon . . . o hindi pagmimisyon, kundi mga pangalang natatago, may sarili silang mga pangalan. At ang gantimpala ay puting kasuotan, at ang pangalan sa Aklat ng Buhay (na bubuksan doon sa paghatol). Natalakay natin ’yan nung isang araw, ang Aklat ng Buhay; kayo’y kinakailangan na hatulan mula sa Aklat ng Buhay. Ang Mga Banal ay babaguhin

ang katawan at aagawin nang wala na 'yun, hindi na sila dumadaan pa roon.

67 Ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia ay ang kapanahunan ng kapatirang pag-iibigan, ang dakilang kapanahunan ng atas at ang dakilang kapanahunan ng pagmimisyon, ang bukas na pinto. At ang gantimpala ay isang—isang haligi. Ang kahayagan ng mga pangalan ng Diyos ay noong—noong sa kapanahunan na ito, noong ito'y matapos noong 1906. Buweno.

68 Ang kapanahunan ng Laodicea ay ang malahiningang iglesya, mayaman, nagkamit ng yaman, hindi nangangailangan ng anuman; pero aba, dukha, bulag, at maralita, at hubad. At ang gantimpala ay ang maupo sa Luklukan kasama ang Panginoon, sa kanila na napanagumpayan ang kapanahunan na 'yun.

69 Ngayon para mahimay-himay, ngayong gabi, para maipakita sa inyo nang kaunti ang gawain sa gabing ito, kukunin natin ang ika-2 kabanata, ang unang kapanahunan ng iglesya. Ngayon tayo. . .

Siya'y inihayag at nakikilala na natin kung sino Siya, Siya'y Diyos!

70 Ngayon, ang kapanahunan na ito ng iglesya'y nagsimula gaya ng nasabi ko na, nang mga 53, hanggang 170. At (a) ang siyudad ng Efeso, na isa sa tatlong malalaking siyudad sa Asya; ay madalas na tawagin na ikatlong siyudad ng pananampalatayang Cristiano (ang una'y Jerusalem; ang ikalawa'y, Antioquia; ang ikatlo'y, Efeso). . .(c) isang siyudad ng malawakang komersyo at pangangalakal. . .(e) ang gobyerno ay Romano. . .(f) ang lingguwahe ay Griyego. Naniniwala ang mga mananalaysay ng kasaysayan na sina Juan, Maria, Pedro, Andres, at Felipe'y doon lahat inilibing. At kilala ang Efeso sa kagandahan nito.

71 Ang Cristianismo sa Efeso ay kung saan nakatira noon ang mga Judio, sa Efeso. At itinatag 'yun noong mga A.D. 53 o 55. Itinanim doon ang Cristianismo ni San Pablo. Paglaon, gumugol ng tatlong taon si Pablo sa Efeso. Nagbunga ng malaking impluwensya ang pagtuturo ni Pablo sa mga mananampalataya ng Efeso. Kasunod nun, si Timoteo ay naging unang obispo ng iglesya sa Efeso. Sumulat si Pablo sa iglesya sa Efeso. Noong panahon ni Pablo ito'y isang dakilang iglesya.

72 Ang ibig sabihin ng Efeso. . .ang ibig sabihin ng mismong pangalan na *Efeso* ay "kumawala, magluwag, tumalikod." Tinawag ito ng Diyos, "Ang iglesyang tumalikod." Kinilala ng Diyos—ng Diyos unang-una ang kanilang mga gawa, ang kanilang pagpapagal, at kanilang pagtitiyaga. Sinaway ng Diyos ang kanilang pamumuhay, na iniwan nila ang una nilang pag-ibig, dahil sa pagtalikod, at dahil sa hindi na dinadala ang Liwanag. Ang Efeso'y hindi nadayang iglesya, nabigo lang nito

ang sarili nito dahil sa hindi pagpapatuloy sa sakdal nitong pag-ibig.

73 Buod ng Efeso: Ang mga bunga, kung walang pag-ibig, ay magtutuluy-tuloy sa apostasiya. Ang mga pangako: Pangakong paraiso sa mananagumpay, na mga banal ng Efeso sa kapanahunan ng iglesya, ipinagkaloob sa Punongkahoy ng Buhay.

74 Heto ang isang magandang bagay. Ang Punongkahoy ng Buhay ay tatlong beses nabanggit sa Genesis, tatlong beses din sa Apocalipsis. Ang unang beses na nabanggit ito sa—sa Genesis, ay doon sa Eden, at si Cristo ang Punongkahoy na yaon. Ang tatlong beses naman na nabanggit 'yun sa Apocalipsis, si Cristo'y nasa Paraiso. Oh, hitik nga mismo. Ang Panginoon ang magpala.

75 Ngayon simulan natin ang unang kabanata ng Efeso . . . o ang unang talata ng ika-2 kabanata, ang iglesya ng Efeso:

> *Sa anghel ng iglesia* sa *Efeso ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong* lumalakad *sa gitna ng pitong kandelerong ginto;*

76 Si Juan ang—ang mensahero noong panahon na 'yun. Ang lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto ay si Jesus Cristo, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ano ang ginagawa Niya? Hindi niya sinabi na Siya'y lumalakad sa *isang* kandelero, lumalakad Siya sa kalagitnaan nilang lahat. Anong pinakakahulugan nun? Na Siya ang siya ring Diyos, kahapon, ngayon, at magpakailanman, at sa bawat kapanahunan ng iglesya sa bawat mananampalataya. Dumarating Siya sa . . . sa pamamagitan ng Espiritu Santo sa bawat kapanahunan at sa bawat tao; siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

77 "Na hawak sa Kanyang kanang kamay." Ang ibig sabihin ng *kanang kamay* ay Kanyang "awtoridad at kapangyarihan." Hawak sa kanan Niyang kamay (na napailalim, kontrolado) ang pitong mensahero ng pitong kapanahunan ng iglesya. Oh, gusto ko 'yun. Makita Siya na naglalakad sa buong kapanahunan ng iglesya, ang Cristo, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga hirang sa Madidilim na Kapanahunan, sa bawat kapanahunan; samantalang ang iglesya'y naging pormal at nagkawalay, at ang iba'y napunta sa isang direksyon at ang iba'y sa kabila, pero ang munting minorya ng iglesya'y nanghahawakan pa rin, at si Cristo'y gumagawa sa kanila, pinagtitibay ang Kanyang Salita; pinatutugaygay Ito.

78 Napakadaling makita kung papaano natin natamo ang bagay na mayroon tayo sa panahon ngayon, kapag sisimulan n'yong pag-aralan ito. Ngayon, dito sa pasimula . . . Sa palagay ko naman ay nakakakita kayo sa ganitong taas. [Gumuguhit si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.] Heto ang isang kapanahunan ng iglesya, 'yan ang Pentecostes. Ang ikalawang

kapanahunan ng iglesya, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, ikapitong kapanahunan ng iglesya. Ngayon kung papansinin n'yo itong maigi, ang Iglesya'y nagsimula sa Pentecostes. Ilan po ang naniniwala riyan? Nakita n'yo ba ang nangyari sa Pentecostes? Pagkatapos masusubaybayan natin ang iglesya sa pagpapatuloy nito. Ito nga'y nagsimulang dumilim nang kaunti, na napapalayo unti-unti, napapalayo; paunti-unti, patuloy na napapalayo nang *paganoon* habang ang tunay na Iglesya'y kumakaunti nang kumakaunti.

79 Ngayon, ang Cristo. . .kahit na gaano pang kaliit ng Iglesya, "Kung saan may dalawa o tatlo na nagkakatipon nang sama-sama sa Aking Pangalan, Ako'y sumasa kalagitnaan nila." Kapag sila'y nagkakatipon na sama-sama sa ano? Sa pangalan ba ng Methodist? Pangalan ng Baptist? Pangalan ng Pentecostal? Pangalan ni Jesus! Kung saan ang dalawa o tatlo ay nagkakatipon na sama-sama, kahit na gaano pang kaliit nito. At sila nga'y lalo pang liliit sa huling mga araw hanggang, sinabi Niya, Siya'y kinakailangan na dumating nang dagli at paiikliin ang gawa o kung hindi'y walang laman ang maliligtas para sa Pag-agaw. "Kung saan may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan!"

80 Ngayon, ang unang salang noon, ay ang mga alagad. Ngayon, nakita natin na ito ang pasimula, ang Pentecostes. Lumalakad-lakad Siya roon, ang siya mismong dakilang Diyos, ang siya ring dakilang mga tanda ay siguradong magaganap sa lahat ng mga kapanahunan na ito dahil lumalakad Siya sa kalagitnaan ng bawat kapanahunan. Na pinagpapala ang ano? Ang Kanyang mga hirang na nagkakatipon sa Kanyang Pangalan.

81 Nais kong antabayanan n'yo ito habang tinutugaygay natin ang iglesya. Ang iglesyang *ito* ay may Pangalan ni Jesus. Ang iglesyang *ito* ay may Pangalan ni Jesus. Ang iglesyang *ito* ay may Pangalan ni Jesus. At ang iglesya namang *ito'y* naiwaglit Yun. *Itong* iglesyang ito'y lumabas, ang kapanahunan ng Lutheran, na may "isang pangalan na kayo'y nabubuhay, pero kayo'y patay." At ito'y nagpatuloy hanggang sa dulo ng kapanahunang *ito*; at sa pagitan ng kapanahunang ito at ng kapanahunang *ito* ay may isang bukas na pinto na naroon na ibinabalik muli ang Pangalan sa iglesya. Ngayon masdan at tingnan kung 'yan mismo ang Katotohanan, matapos na makuha natin ito rito sa Mga Kasulatan. Doon sa pagitan ng—ng mga kapanahunan.

82 Ngayon, bukas ng gabi susubukan kong ipalagay ito rito sa itaas para lahat tayo'y makita ito. At pupunta ako rito marahil nang bukas ng hapon at iguguhit ito para. . .sa ilang mga—mga plano na nais kong ipangusap sa inyo. At kung mayroon sa inyo na may kasaysayan, dalhin n'yo lang. O dalhin n'yo ang mga isinulat n'yo at magpunta ng silid-aklatan o kung saan at hanapin sa kasaysayan, at basahin n'yo 'yun at tingnan kung ito ba'y tama.

83 Ngayon sa unang talata. Ano ang Kanyang ginagawa? Kanyang binabati sila.

> *Sa—sa anghel ng iglesia sa Efeso*. . .(kay Juan) *ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may* hawak *ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto*; (isa 'yung pagbati)

84 Ngayon ika-2 talata at ika-3 talata, Kanyang pinuri sila:

> *Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong* mga pagpapagal, *at iyong pagtitiis,*. . .*kung papaano* na *hindi mo* kayang *matiis ang masasamang tao: at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan:*

85 Kita n'yo, nagsimula nang makapasok ang apostasiya, sa unang kapanahunan pa lang na ito. Nagsimula na roon agad; dahil ang hinirang at tunay na Iglesya na nagnais na tuparin ang mga tuntunin ng Biblia, at sundin ang Mga Salita na sinabi ni Jesus sa Kanyang patotoo, sila'y nagsimula nang malihis. May bagay na nagsimulang mangyari, at nagsilitawan na ang mga bulaang tagapagturo, mga tao na nagtuturo ng mali, na mga kontra sa Kasulatan, sinusubukang magdala ng kung anong bagay papasok o magdagdag ng kung anong bagay.

86 Yan ang dahilan kung bakit ipinagkaloob Niya ang kapahayagan na ito sa iglesya at nagsabi, "Sinuman ang mag-aalis o magdadagdag, ang iyong bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay." Yun nga'y, kapahamakan, kapatid! Huwag na huwag n'yong pakikialaman ang Salita ng Diyos! Kahit na sino pa ang masaktan Nito o ano ang masaktan Nito, sabihin at sabihin n'yo Ito ano't anuman. Sa kung papaano nga Ito nasusulat diyan, sa ganoon mismong paraan. Hindi natin kailangan ng anupamang bantog na kung anong bagay, hindi natin kailangan ng anumang pari o anuman na bibigyang-interpretasyon Ito sa atin, Ang Diyos na Espiritu Santo ang tagapagbigay ng interpretasyon. Siya ang nagbibigay ng interpretasyon.

87 Ngayon, kung mapapansin n'yo, bumabaling nga mula sa mga kasamaan at nasusumpungan pa rin na mga bulaang propeta, matapos na sila'y mapatunayang bulaan, bagaman may anyo ng kabanalan. Nakikita n'yo ba kung papaanong nagsisimulang maging pormal ang iglesya sa panahon na 'yan? Para bang unti-unti nilang binabansagan ang mga tao na nasa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, unti-unting ibinubunsod ang mga tao na parang libakin sila.

88 Buweno, hindi ba't sinabi ni Jesus, "Mapalad kayo kapag kayo'y pinag-uusig dahil sa katuwiran"? Hindi Siya kailanman nagsabi na mag-umpisang maging pormal. Ang sabi Niya, "Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo, sapagkat pinag-usig nila ang mga propeta na mga nangauna sa inyo." Sinabi

Niya ’yun, nandun ’yun sa banal na pagpapala, sa Mateo 5, “Mapalad kayo!” Siyanga’t, kapag lilibakin kayo ng mga tao dahil iniibig n’yo ang Panginoong Jesus, ’yan ay isang pagpapala na mismo sa pagsasalita nila ng ganyan sa inyo. Kanila lamang. . . Kapag sinasalitaan nila kayo nang masama, kanila mismong ibinubunsod sa inyo ang mga pagpapala ng Diyos. Sumisikad lang sa kanila pabalik, gaya ng nangyari kay Balaam noong panahong ’yun. Yun—’yun nga’y sumisikad lang sa kanila pabalik. Kapag nililibak nila kayo sa pagiging Cristiano, aba, sumisikad nga ’yun sa kanila pabalik, at ang Diyos ay nagkakaloob pa nga ng pagpapala, dahil, “Mapalad kayo kapag uusigin kayo ng mga tao dahil sa Aking Pangalan.” Dahil sa Kanyang Pangalan, “Mapalad kayo!”

89 Ngayon nalaman natin na nagnais sila na magpasimula’t pumasok sa anyo ng kabanalan.

90 Ngayon, maaari akong tumigil muna rito at may sasabihin akong isang bagay, siguro hihinto muna ako. Napansin n’yo ba na sa bawat rebaybal. . . Ngayon, mga kapatid na ministro, siyasatin n’yo ito. Bawat rebaybal ay nagbubunsod ng kambal, katulad nina Jacob at Rebekah na nagkaanak ng kambal: sina Esau at Jacob. Ang ibig sabihin ko po pala’y si Isaac. . . Sina Isaac at Rebekah, sa halip na si Jacob. Sina Isaac at Rebekah ay nagkaanak ng kambal. Ang tatay ay banal, ang nanay ay banal, pero may dalawang anak na lalaki sila na inianak: sina Esau at Jacob.

91 Ngayon, kapwa sila relihiyoso. Pero si Esau, pagdating sa mga trabaho’t mga gawa, bilang isang mainam na legalista, marahil siya ang mas mainam na anak, sa kabuoan, kumpara kay Jacob. Alam n’yo ba ’yun? Si Jacob kasi’y munting musmos lang na laging nakadikit sa kanyang nanay oras-oras. Pero si Esau ay lumalabas at nagtratrabaho, lumalakad mismo’t nangangaso ng karne ng usa para ibigay sa kanyang matanda’t bulag na tatay na isang propeta, nagsisikap siya na alagaan ang kanyang tatay. Pero si Jacob ay may isang bagay lang sa kanyang isip, hinahangad niya ang karapatan sa pagkapanganay! Hindi niya alintana kung gaanong katagal ba siyang aaligid-aligid o anuman ang kanyang gagawin, ang pangunahing bagay sa kanyang buhay ay yaong pagkapanganay! At hinahamak lamang ’yun ni Esau.

92 Ngayon hindi n’yo ba nakikita riyan ang natural na tao—ang natural na tao? Kapag dumarating ang rebaybal, may dalawang klase ng tao na naibubunsod sa bawat rebaybal. May isang natural na tao na nagtutungo, at dumudulog sa altar at nagsasabi, “Siyanga, po, tinatanggap ko si Cristo bilang aking Tagapagligtas.” Lalabas siya, at anong nangyayari sa kanya? Malalaman n’yo na lang, napapadpad siya sa isang malamig, pormal na iglesya, dahil iniisip niya, “Buweno, kung aanib ako sa iglesya, ako nga’y kasing buti rin naman nung iba

pang kalalakihan. Hindi ba ako kasing bait din ni *Ganito-at-ganoon*? Anong magiging diperensya nun basta't kasapi ako sa iglesya at sinasambit ko ang aking paghahayag?" Aba, malaki po ang diperensya. Kinakailangan n'yo kasing maipanganak na muli. Kinakailangan n'yong makamit ang karapatan ng pagkapanganay.

93 At hindi alintana ni Jacob gaano man siyang tawanan. Hinahangad niya ang pagkapanganay, at hindi niya alintana kung papaano niya 'yun makukuha.

94 Ngayon, maraming tao ang ayaw makuha ang pagkapanganay dahil iniisip nila na Ito'y medyo hindi popular. Ayaw nila nang dudulog doon sa altar at iiyak nang kaunti, o magpapalipas nang hindi kumakain ng ilang kainan, at—at kung ano pang bagay. Ayaw nilang—nilang—nilang—nilang gawin 'yun. Marami sa kababaihan. . .marami mismo, alam n'yo, naglalagay ng mani-. . .kolorete, kaya iniisip nila na kung iiyak sila ay baka mabura 'yun, na kailangan na namang ibalik ang kolorete. Buweno, sila. . .'yun nga'y. . .At hindi ko ibig sabihin 'yan bilang paglalapastangan, umaasa ako na hindi ganoon ang dating ko, pero 'yun ang katotohanan. Ayaw nila Nito. Ayaw nila ng Bagong Kapanganakan, dahil ang Bagong Kapanganakan ay may panggigitata. Katulad nga mismo ng anupamang ibang kapanganakan. Alinmang kapanganakan ay may panggigitata, wala akong pakialam kung saan man 'yan. Kung sa kulungan man 'yan ng baboy o sa isang kamalig, o kung sa isang kulay-rosas, na napapalamutiang silid sa ospital, 'yun nga'y may panggigitata.

95 At ganoon din na ang Bagong Kapanganakan ay may panggigitata! Amen. Ibubunsod kayo Nito na gumawa ng mga bagay na hindi n'yo maiisip na gagawin n'yo; tatayo sa isang kanto na kumakalampag ng tamborin, o aawit, "Kaluwalhatian sa Diyos! Hallelujah! Purihin ang Diyos! Kaluwalhatian sa Diyos!" Aba'y, aakto nga kayo na parang isang baliw. Yun ang ibinunsod nito sa mga alagad, 'yun ang ibinunsod nito sa birheng Maria, siya'y umakto na parang isang lasing. Siya'y walang kaayusan sa tingin ng lipunan, pero kinakailangan ng ganoong panggigitata para lumabas ang buhay. Amen!

96 Maliban na may bagay na mamatay at mabulok, walang buhay na manggagaling mula roon. Maliban na ang isang tao'y mamatay at mabulok sa sarili niyang mga pag-iisip, si Cristo'y hindi makakapasok sa kanyang puso. Kapag ipagpipilitan n'yong isipin sa sarili n'yo, "Ngayon, kung dudulog ako roon sa altar at sasabihin ko, 'Opo, Panginoon, ako'y—ako'y isang mainam na tao, tinatanggap Kita. Magbibigay ako ng ikapu. Gagawin ko ito,'" kinakailangan n'yong mamatay at mabulok mismo diyan sa inyong mga pag-iisip. Hayaan n'yo ang Espiritu Santo ang maghari't gawin ang anumang bagay na nais Niyang gawin sa inyo. Magbunsod ng panggigitata. Siyanga't parang

pangit pakinggan, hindi naman paglalapastangan, pero ’yan po ang Katotohanan. Sa ganyang paraan ko lamang alam kung papaano ito patimuin para ipaunawa Ito sa inyo.

97 Mayroon pa bang mas gugulo pa kaysa sa mararangal na mga Judio noong araw na ’yun, noong makita nila ang mga taong ito na lumalabas roon na nauutal ang mga labi? Alam n’yo ba kung anong ibig sabihin ng nauutal? “Huh, huh, uh, uh, uh, uh…?…” Ibang wika nga, at umaakto na parang mga taong lasing. “Huh, huh, uh, uh, uh.” Ganoon nga mismo ang ginagawa nila. Nanggigitata ang itsura nila!

98 At sabi nung tao, “Ang mga tao bang ito’y lasing sa bagong alak?”

Pero matapos na ang isa sa kanila’y huminahon, ang sabi niya, “Maalaman ito sa inyo, at pakinggan n’yo ang sasabihin ko, ang mga taong ito’y hindi mga lasing gaya ng inaakala n’yo.” Anupa’t bumaling siya sa Kasulatan, “*Ito* ay *iyon* na sinalita ni propetang Joel, ‘At mangyayari sa mga huling araw,’ sabi ng Diyos, ‘ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.’”

99 Sa ganoong paraan ipinanganak ang Iglesya noong una. Ilan ang naniniwala na ang Diyos ay walang hangganan? Kung ganoon ay hindi Siya maaaring magbago. At kung ganoon ang Kanyang kaisipan ukol sa isang Iglesya sa pasimula, ganoon ang uri ng Iglesya na kakamtin Niya sa huli. Hindi Siya maaaring magbago. Kaya papaano n’yo ihahalili ang pakikipagkamay, o ang pagwiwisik, o—o kung anong ibang bagay na hindi naman nangyari dun noon? Bawat isa sa mga alagad ay bumaling mismo pabalik doon.

100 At ginawa nila ang lahat nitong…Bumaba ang Espiritu Santo sa kanila, sabi ni Pedro, “Hahadlangan ba namin ang tubig, yamang nakikita na ang mga ito’y nakatanggap ng Espiritu Santo gaya naman namin sa pasimula?” At inutusan niya sila na mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ganoon nga.

101 Nagtungo sa isang dako si Pablo at nakasumpong ng mga tao na naghihiyawan, na nagtatamasa ng maluwalhating panahon, grupo ng mga Baptist na niluluwalhati ang Diyos, at sabi niya, Mga Gawa 19, ang sabi niya, “Natanggap n’yo na ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?”

Sabi nila, “Di namin alam na may Espiritu Santo pala.”

Sabi, “Sa papaano kayo nabautismuhan?”

Sabi nila, “Nabautismuhan kami ng siya ring lalaki na nagbautismo kay Jesus, si Juan Bautista.”

102 Sabi niya, “Siyanga, hindi na ’yan uubra pa.” Kita n’yo? Sinelyuhan ’yun ni Pedro noong Araw ng Pentecostes. Nasa kanya ang susi. Kita n’yo?

Sabi, “Hindi na ’yan uubra pa, kinakailangan n’yong mabautismuhan uli.” Kaya binautismuhan niya uli sila, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanila, at nakamit nila ang siya ring uri ng resulta na kinamit ng mga tao sa pasimula. Bumaba sa kanila ang Espiritu Santo, nagsimula silang magsalita sa iba’t ibang wika at magpropesiya.

103 Ngayon, hayan nga ang Iglesya sa pagtugaygay sa kapanahunan. Ngayon, nagsimula ito rito sa pasimula.

“Nalalaman Ko ang inyong pagtitiis. Kayo’y matagal nang nagbabata nang labis, nalalaman Ko ’yan . . . Ngayon alalahanin n’yo, Ako Siya na lumalakad sa gitna ng mga kandelero. Nalalaman Ko ang inyong pagtitiis, ang inyong gawa, ang inyong pagpapagal, at ang inyong pag-ibig, at iba pa. Alam Ko ang lahat ng inyong ginawa. At alam Ko na sinubok n’yo ang mga taong ito na tinatawag ang kanilang sarili na ‘mga propeta, mga apostol,’ at nasumpungan n’yo na sila’y mga bulaan.” Oh, grabeng diretsahan nun, di po ba? Hindi ako ang may sabi nun, Siya. Ang sabi Niya sila’y mga bulaan.

104 Pero sinabi ng Biblia, “Subukin n’yo ang tao. Kung mayroon sa inyo na espirituwal o isang propeta, o sinasabi niya na siya nga, Ako na Panginoon ay ipagkikilanlan siya Mismo. Ako’y mangungusap sa kanya sa mga pangitain, at mga panaginip. At kung ang bagay na sinasabi niya’y mangyari, kung ganoon ay pakinggan n’yo siya; huwag kayong matakot sa kanya, kita n’yo, dahil Ako’y sumasa kanya. Pero kung hindi mangyari, kung ganoon ay huwag n’yo siyang dinggin, hindi niya dala ang Aking Salita.” Kita n’yo, kung hindi ’yun Kanyang Salita, hindi ’yun mangyayari.

105 Ngayon, nasumpungan nila na ang mga taong ito’y hindi nagpapatuloy batay sa Biblia. Kita n’yo, may iba silang sinusubok na makamit. (Ngayon nais kong tumalukbong kayo sa malalim na pag-iisip, mangyari pa’t dadako na tayo sa pinaka butil sa ilang saglit.) Ngayon, pagkatapos sinabi Niya, “Nakikita Ko na kayo’y . . . na kayo’y mayroong mahabang pagtitiis, at pagtitiyaga at . . . kasama sila. Sinubok n’yo sila, at nasumpungan n’yo na hindi pala sila mga apostol. Hindi sila apostol.”

106 Ngayon, gaya ng sinabi ko sa umpisa, bago tayo magsimula muli rito, bawat rebaybal ay nagbubunga ng pares ng kambal. Ang isa’y espirituwal na tao; ’yung isa nama’y natural na tao ng sanlibutan, “Umanib ako sa iglesya, ako’y kasing bait ng kahit sinuman.” At ’yan ang ibinubunga ng rebaybal na ito. Ganoon nga mismo, bawat rebaybal. Ganoon ang naibunsod nung kay Luther, ganoon ang naibunsod nung kay Ireneo, ganoon ang naibunsod nung kay San Martin, ganoon ang naibunsod nung

kay Columba, ganoon ang naibunsod nung kay Wesley, at ganoon ang naibunsod nung sa Pentecostal. Ganoon mismo.

107 Nakikita n'yo ba kung papaano sila lumala? Nagsipagtayo ng kanilang mga simbahan, at nangalihis, at malalaki't naggagandahang mga lugar at (naku, grabe!) tatayo at uusalin nang paulit-ulit ang Credo de los Apostoles. "Naniniwala ako sa Santo Romano Katolikong Iglesya, at sa komunyon ng mga santo." Sinuman na naniniwala sa komunyon ng mga santo'y isang espiritista. Sinuman na nakikipag komunikasyon sa patay ay sa diyablo. Ganoon nga mismo. May isa lamang tagapamagitan sa Diyos at tao, ang Taong 'yun ay si Jesus Cristo. Ganoon nga. Yun mismo ang sinabi ni Pedro. At sa inyo na minamahal na mga Katoliko na tinatawag siyang "unang papa, at si Pedro raw ang unang papa na nakapaglakad kasama si Jesus."

108 At pagkatapos ang sabi niya, "Wala nang ibang tagapamagitan sa Diyos at sa tao." At sa bagay na ito, may sampung libo na nga kayong mga tagapamagitan ngayon. Bakit nagbago nang husto, kung sinasabi n'yo na ang iglesya'y hindi nagkakamali at hindi nagbabago? At ang lahat ng inyong mga misa'y sinasalita sa Latin kaya hindi magbabago. Anong nangyari? Saan n'yo nga matatagpuan ang Credo de los Apostoles sa Biblia? Kung may kredo man ang mga apostol, 'yun nga'y "Magsisi, at mabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong kasalanan." Wala na akong ibang kredo na napakinggan kong nalalaman nila o inuusal nila na iba pa rito.

109 Pero pagdating nga rito sa "mga simbahan ng Santo Romano" at lahat ng mga bagay na ito, at gaya nitong "prinipreserba ng Diyos Ama na Makapangyarihan sa lahat ang kalangitan at ang lupa," kalokohan. Kita n'yo? Ganoon nga. Wala 'yun sa Biblia. Walang bagay na ganoon sa Kasulatan. Isa 'yung gawa-gawang kredo na ginawa lang nila. Pero 'yung . . . lahat ng mga dasal nila't lahat ay gawa-gawa lang.

110 Nakikita natin ngayon na ang ating mga Protestante, kapag dumako na tayo rito, galing din mismo ito sa kanila. At gaya ng sinabi ni Billy Graham noong Linggo, "Ang mga tao'y maling-mali na anupa't iniisip nila na tama sila samantalang mali naman sila." Ganoon nga. Yan po ang totoo. Ikinagagalak ko na ako'y . . . Tunay nga na alam kong tumanggap si Billy Graham ng Espiritu Santo sa ilalim ni George Jefferies sa dako roon, pero isa sa mga araw na ito siya'y lalabas mula roon. Ginagamit siya ng Diyos sa dakong 'yun ngayon, dahil nagagawa ng kapatid na ito na yanigin ang kaharian na 'yun nang di kaya ng kahit sino. Pero makikita n'yo sa kanyang pangangaral, na may bagay sa likod nun, dahil ang iba roon ay mga nanangan-sa-pagkikipagkamay na mga Baptist. Siyanga, po!

111 Ngayon:

> *Nalalaman ko ang iyong mga gawa,. . .at ang iyong pagtitiis,. . .kung papaano* na *hindi mo* kayang. . .

112 Sige't tunghayan natin ngayon, heto po. . .

> *Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal, at ang iyong pagtitiis,. . .kung papaano na hindi mo* kayang *matiis ang masasamang tao: at sinubok mo sila na mga nagpapanggap* na *apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan:*

113 Nasumpungan nila sila na mga bulaan. Papaano nila 'yun nalaman? Ang mga bulaan na 'yun ay hindi sumisipi sa Salita.

114 Ngayon, kung sabihin ng isang tao na "Sinasabi ng Bibliang ito sa Mga Hebreo 13:8, 'Si Jesus Cristo, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,'" tapos sasabihin nung tao, "Ah, ang mga araw ng paghihimala'y lipas na," kung ganoon ay bulaan ang tao na 'yun.

115 Kung ang sinabi ng Biblia, "Magsisi, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga pagkakasala," at bawat dako sa Biblia'y sinasabi ang siya ring bagay na 'yun, at ang bawat isa na nabautismuhan kailanman sa—sa panahon ng Biblia'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at inatasan niya sila na mabautismuhan, mawisikan, o kung anong bagay gaya nun, ang tao na 'yun ay isang bulaan, masusumpungan siyang bulaan na propeta.

116 Umaasa po ako na wala akong damdamin na nasasaktan, pero aking. . .Kapatid, hindi n'yo—hindi n'yo kasi puwedeng ipaging maselan Ito, panahon na, para hubarin n'yo ang guwantes at panghawakan mismo ang Ebanghelyo. Kita n'yo? Yun po ang Katotohanan.

117 Ngayon, pakitaan n'yo ako ng bagay na iba roon. Pakitaan n'yo ako ng isang tao na nabautismuhan kailanman sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus, kita n'yo, sa labas lang ng iglesyang Katoliko. Kaya kung nabautismuhan kayo sa ganoong paraan, wala kayo sa iglesyang Cristiano, nasa iglesyang Katoliko kayo dahil ganoon ang bautismo sa inyo. Yung sarili nila mismong *Sunday Visitor*, ang sabi nung katekismo, may tanong dun, "May mga Protestante ba na maliligtas?" Sabi, "Marami sa kanila, dahil dala-dala nila ang ating pagbabautismo at marami pang iba gaya nun." Sabi, "Sinasabi nila ukol sa Biblia, na anupa't sinabi ng Biblia 'magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo,' at tinanggal namin 'yun mula roon at inilagay ang 'Ama, Anak, at Espiritu Santo' at sumunod sila rito." Tunay. Kita n'yo? Hindi isang—hindi. . . Hindi 'yun isang—hindi 'yun isang Cristianong bautismo, isa 'yung Katolikong bautismo.

118 Napakinggan n'yo na ba ako nung isang gabi, "Kayo ba'y nabautismuhan sa *Cristianong* pagbabautismo?" *Cristianong* bautismo, kay Cristo, "Jesus Cristo," hindi sa kung anong titulo.

119 Ngayon, sa ika-3 talata na ngayon. Buweno, ika-2 at ika-3 talata. Ngayon ika-3 talata:

> *At may pagtitiis ka, at* may *pagtitiis ka, at dahil sa aking pangalan* ay *nagbata, at hindi* ka *napagod.*

120 "Sa Aking Pangalan." Napansin n'yo ba na may pagtitiis sila? Nagpagal para sa ano? Sa Kanyang Pangalan. Nakikita n'yo ba ang Pangalan na 'yun na nananatili pa rin sa iglesyang 'yun? Ngayon masdan n'yo ito, kapag tumugaygay na tayo sa buong sanlinggo, kung papaanong unti-unting nawawala 'yun at naging ibang pangalan. Kita n'yo? "*May pagtitiis, nagpagal, at iba pa, at para sa Aking Pangalan.*" Siya... Sila'y nagbata para sa Kanyang Pangalan, para ipapanatiling nangingibabaw ang Pangalan ni Jesus Cristo sa anupamang iglesya, sa anupamang iba.

121 Yun dapat ang laging una, "Anuman," Ang sabi ng Biblia, "anuman ang inyong gawin sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa Pangalan ni Jesus Cristo." Tama po ba? "Anuman ang gawin ninyo sa salita o sa gawa." Kung mayroon kang ikakasal, kung mayroon kang taong ikakasal; kung hindi n'yo magagawa, kung pareho silang nag-aalinlangan sa kanilang pakikipag-asawa, huwag n'yo silang ikasal. Kita n'yo? Kung hindi n'yo kayang sabihin nang malaya, "Itinatanghal ko kayo na asawang lalaki't asawang babae sa Pangalan ni Jesus Cristo," huwag n'yong ituloy. Buweno. Kung gusto n'yong bautismuhan ang mga tao, dapat bautismuhan mo sila sa Pangalan ni Jesus.

122 Kung may gagawin kayong isang bagay na hindi n'yo magagawa sa Pangalan ni Jesus, huwag n'yo na lang gawin! May magsasabi, "Uminom ka kahit kaunti." Hindi n'yo nga 'yun magagawa sa Pangalan ni Jesus, kaya iwasan n'yo mismo! May magsasabi, "Maglaro tayo ng kaunting baraha." Hindi n'yo magagawa sa Pangalan ni Jesus, kaya iwasan n'yo! Yang munti't, maruming, mahalay na biro sa mga kasayahan sa pagbabaraha, na hindi n'yo naman puwedeng sabihin sa Pangalan ni Jesus, haya't iwasan n'yo! Kita n'yo? Hindi kayo makapagsusuot ng shorts sa Pangalan ni Jesus, kaya iwasan n'yo! Marami pa akong mababanggit, pero tayo'y... alam n'yo naman ang tinutukoy ko. Buweno. Di n'yo talaga maaaring gawin. Ang ano mang bagay na hindi n'yo maaaring gawin sa Kanyang Pangalan, huwag na huwag n'yong gawin! Dahil, sinabi Niya, "Anuman ang gawin ninyo sa salita at gawa, gawin ninyo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Buweno, ngayon.

123 Ngayon tayo'y dadako na sa... Yun ang... Kanyang kinalugdan sila dahil dun. Ngayon mangungusap ako tungkol

dun sa puna ngayon sa ika-4 na kabanata. . . o ika-4 na talata, pala.

> *Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyo* ngang *iniwan ang iyong unang pagibig.*

124 Oh! "May bagay Ako na laban sa inyo. Kayo'y naging mapagmatiis, pinanghawakan n'yo ang Aking Pangalan." Hindi ba't napaka gandang bagay 'yan sa tabernakulo sa panahon ngayon? Siyanga, po! "Naging mabuti kayo, at kayo'y may lubos na pagtitiis, at nagdusa nang matagal na panahon, pero ang pinaka mahalaga roon. . . Pinanghawakan n'yo ang Aking Pangalan. Ikinalulugod Ko ang lahat ng 'yan. Akin—Akin itong ikinalulugod, mabuti ito. At nakita Ko na inyong sinubok ang mga tao na nagsasabi na sila raw ay mga apostol at kung ano pa, at ang mga taong ito'y nasumpungan n'yo na mga bulaan, at hindi sila bumabatay sa Salita. Aking—Akin itong ikinalulugod lahat. Pero may isang bagay Ako na laban sa inyo, at 'yun ay ang pag-iwan n'yo sa una n'yong pag-ibig. Iniwan n'yo ang pag-ibig na 'yun na dati'y mayroon kayo para sa mga maiinam, na makalumang, mga Espiritu Santong pagtitipon, at unti-unti na kayong mistulang lumilihis papunta sa pagka-pormal, may mga pagganap na ng 'Ama Namin. . .'" Walang kabuluhan! Kita n'yo?

125 Lahat nitong sosyedad, at kapag lalabas roon ay kailangan may suot-suot na malaking toga (alam n'yo, aawit lang sa koro, alam n'yo), at may kung anong mga borloloy sa kanilang buhok at lahat na, at tadtad ng kolorete sa buong mukha, at umaawit sa paraan na hindi ko masabi kung ano ba.

126 Dito hindi pa katagalan, kung hindi lang 'yun pagtitipon ni Oral Roberts, sigurado nga na sasawayin ko ang bagay na 'yun. Ako'y nasa—ako'y nasa pagtitipon noon ng Business Men at idinadaos 'yun sa. . . wala kaming. . . nung gabi nga'y ako ang pinagsasalita. Hindi nila 'yun maidaos sa loob ng hotel, at kaya dinala nila ako sa—sa gusali ni Oral Roberts. At nung nakaupo ako sa silid ni Oral, may grupo roon ng mga Pentecostal na kabataan (oh, kabataang mga lalaki't mga babae, disi sais, disi siyete anyos, disi otso) lahat sila'y nakatayo sa labas doon; mga tatlumpu o apatnapu sa kanila ang aawit ng parang isang—isang munting. . . ang dating nga sa akin ay parang pambungad na awit ng kung sino gaya ng naikukuwento sa akin ni Becky, Tchaikovsky ba 'yun o kung anong parang ganoon; hindi ko po alam, para pong ganoong klase ng awitin, klasikal na awitin. At heto sila, may mga lalaking kapatid na kukuha ng kaloob doon sa pagtitipon, at bawat isa sa mga ito'y umiikot at mayroon silang hawak na parang munting kopa, umaakto na parang bulag at hayun nga ang lahat na ng mga biro't lahat ng pangungulit na maririnig n'yo, sa pagitan ng mga kabataang lalaki't mga kabataang babae, at kung anu-ano ang pinag-uusapan. At 'yung mga kabataang babae nga'y masyadong makapal ang kolorete,

na puwede ngang pintahan ang gusali ni Oral, halos. At hayun nga sila na ganoon ang ginagawa, at tinatawag ang kanilang sarili na "Pentecostal." Naiwaglit nila ang una nilang pag-ibig!

127 Sumasang-ayon nga ako kay David duPlessis, "Walang apo ang Diyos." Wala, nga! Pero hayan nga ang Methodist nating mga apo. Baptist natin na mga apo. Pentecostal natin na mga apo. Pero ang Diyos nga'y walang ganoon! Kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae. Hindi kayo makapapasok na gagamitin ang inyong nanay o inyong tatay dahil sila'y naging mabubuting lalaki't babae, kinakailangan na kayo mismo'y gumugol sa siya ring halaga gaya ng ginawa nila noon. Kinakailangan na kayo rin ay maipanganak gaya nila noon. Ang Diyos talaga ay walang apo. Kayo'y isang anak na lalaki o anak na babae; o, kayo'y hindi apo, 'yan po ang tiyak.

128 Dumalo ako sa pagtitipon noon, at sila roon. . .sa isang simbahan ng Pentecostal Assembly. Naku, makikita n'yo nga sila na nagsiiwasan nung makita nila akong parating; na ang buhok ay maiiksi't, ginupitan, at hayun din ang munti't halos kalahating hubad na, para ngang longganisa, alam n'yo, hapit na hapit ang damit gaya nun, Pentecostal na mga kababaihan, na mahalay ang pananamit.

129 Mananagot kayo dahil diyan, sa Araw ng Paghatol. Kayo'y masusumpungan na may sala sa pangangalunya, sabi ni Jesus, "Sinuman ang tumingin sa isang babae at magnasa sa kanya, ay nakapangalunya na sa kanyang puso kasama ang babae." At kung iprepresenta n'yo ang inyong sarili sa isang lalaki na gaya nun, sino ang may sala? Kayo ba o ang lalaki? Magpatuwid kayo! Layuan n'yo ang mismong anyo ng kasamaan! Kita n'yo? Kaya hayan nga.

130 Anong nagawa n'yo? Naiwaglit ang *unang* pag-ibig. Oh, hindi n'yo na nga sila mapapapunta sa isang kanto na magdadala ng tamborin para ipalakpak ang kanilang mga kamay at purihin ang Diyos. Oh, hindi! Mas minararapat nilang umawit ng kung anong klase ng klasikal na awit na suot-suot ang kung anong toga. Kita n'yo, naiwaglit nila ang kanilang *unang* pag-ibig. Yan po ang problema sa sinaunang iglesya. Kita n'yo?

131 Mas minararapat nilang umakto na gaya ng sanlibutan. Mas gusto pa nilang manamit gaya ng sanlibutan, mag-itsurang parang ang sanlibutan, umakto na gaya ng sanlibutan. At may paborito pa silang artista sa telebisyon, alam n'yo, na hindi nila maatim na hindi mapanood. *We Love Susie* o may iba pa, alam n'yo, na kailangan daw nilang mapanood. Magpapaiwan sa bahay na liliban sa pagtitipon para sa pananalangin at lahat na para lang mapanood 'yun. Kung hindi man sila magpaiwan sa bahay, talagang pariringgan nila ang kanilang pastor, na pauwiin sila sa oras na ipalalabas ang programang 'yun para

makauwi sila't mapanood nila 'yun. Ang pag-ibig sa sanlibutan ay mas higit kaysa sa pag-ibig sa Diyos!

132 Oh, masyado nang pormal, na hindi na nila masambit ang, "Amen!" wala na. Naku, grabe na talaga, masisira raw kasi 'yung kolorete nila. Kita n'yo? Wala na Yun sa kanila. Hayan ang Pentecostal. Hindi po 'yan ang Baptist. Wala nga sila Nito sa umpisa pa lang, ang—ang Presbyterian. Ang tinutukoy ko rito'y ang Pentecostal. Siyanga. Alam ko na nakasasakit nang lubos, kapatid, pero hinahangad nga natin ang kapanganakan galing sa bagay na ito; kinakailangan na ibunsod ang kamatayan bago kayo magkamit ng kapanganakan. Kita n'yo? Kita n'yo? Yun nga ang Katotohanan. Pero hayan nga kayo, iniwan ang una n'yong pag-ibig. Ako . . .

133 Kung 'yan ang puna ng Diyos sa iglesyang *ito*, marapat lamang na 'yan din ang puna Niya sa isang *'yun*! "Dahil iniwan n'yo ang una n'yong pag-ibig, ito ang bagay na laban Ko sa inyo. Mayroon Akong bagay na laban sa inyo, 'yan ang Aking puna. Dati kayong nagtamasa ng maluwalhating panahon, pero napabayaan n'yo—napabayaan n'yo ang paggapang papasok ng sanlibutan, at kayo'y nagawi sa pag-akto nang medyo pormal. Inyo pa rin pinanghahawakan ang Aking Pangalan, at ginagawa n'yo pa rin naman ang mga bagay na tama, at mayroon kayong lubos na pagtitiis at iba pa, at kayo'y nagpapagal, kayo'y gaya sa isang mola, kayo'y nagbabata mismo't nagtratrabaho."

134 Naku! Naku! Naku! Kita n'yo, iniwan n'yo ang biyaya at pananampalataya at kapangyarihan, para ipagpalit sa pagpapagal at mga gawa. "Buweno, sasabihin ko sa iyo Kapatid na Branham, ako'y—ako'y tumutulong sa bawat babaing balo sa abot ng makakaya ko." Buweno, mabuting bagay 'yan, pinupuri kita para riyan. Pero nasaan na ang unang pag-ibig na dati mong kamit? Uh-hum, uh-hum. Nasaan na ang kagalakan na dati-rati'y kamit-kamit mo? Gaya ng iniyak ni David noon, "Oh Panginoon, ipanauli Mo sa akin ang kagalakan ng aking pagkaligtas." Nasaan na 'yung mga buong-magdamagang pagtitipon para sa pananalangin, at ang mga luha sa inyong mga pisngi? Naku, grabe, 'yung Biblia n'yo nga'y puno na ng alikabok at sinasapot na Ito. Yung mga kathambuhay na romansa ay 'yun na ang binabasa-basa n'yo, at 'yung mga balita't ganoong mga bagay; at mga bagay na kung tutuusin ay hindi dapat pinapahintulutan na mailimbag at nababagay sa isang—isang basurahan, at tayong mga Pentecostal ay pinupulot pa rin ang mga ito at umaaligid sa mga ito na parang kulumpon ng mga langaw sa isang basurahan. Ganoon nga. Oh, kahahabagan! Ang kailangan nga natin: Manumbalik sa una nating pag-ibig! Manumbalik sa Pentecostes! Oh, kailangan ko nang lisanin ang punto na 'yan. Buweno. Pero, nauunawaan n'yo, "Iniiwan ang unang pag-ibig."

135 Ang ika-4 na talata, ika-5 talata ngayon. Isang babala, ang ika-5 talata, isang babala: “Alalahanin at magsisi!” Kita n’yo?

> *Kaya’t alalahanin mo kung saan ka nahulog,* . . . (Saan ba kayo nanggaling? Mula sa pentecostes ay nasadlak kayo tungo sa kung saan na kayo ngayon, tumalikod) . . . *at magsisi ka, at gawin mo ang* iyong *mga unang gawa;* (manumbalik sa pentecostes uli) . . . *o kung hindi ay paririyan ako sa iyo nang madali, at aalisin ko* ang *kandelero sa* k-a-n-y-a-n-g . . . (Nakikita n’yo kung sino ito, hindi po ba?) . . . *kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka.*

136 Sa madaling salita, kung may pastor ka na puspos-ng-Diyos, puspos ng Espiritu Santo, at sinusubukan n’yong pigilan siya sa ilalim ng inyong daliri, sasabihin, “Buweno, kung may sasabihin siya na anumang bagay tungkol sa pagkakaroon namin ng naka-togang koro, kung may sasabihin siya na anumang bagay tungkol sa pagkokolorete namin, patatalsikin namin siya.” Huwag kayong mag-alala, ang Diyos ang gagawa nun bago n’yo pa magawa. Ang pastor na ’yun ay hahayo sa labas na mangangaral sa mga bato sa kalsada kaysa sa makipagkompromiso sa ganyang uri ng mga bagay-bagay. Kung mayroon kayong pastor na tunay na sinasabi sa inyo ang Katotohanan, kinakailangan n’yong ibigay ang parangal sa Diyos at manatili sa Espiritu, at sambahin ang Diyos, mapagtanto na kayo’y maliligaw kung wala nga kayong ganoong pastor. Kita n’yo?

137 Pero ang mga tao ngayon ay namumuhay na parang tutungo sila sa . . . haya’t ito lang ang nag-iisa na mayroon kayo, “ang mabuhay sa ibabaw ng mundo, at ’yun lang.” Hindi n’yo napagtatanto na mayroon kayong kaluluwa na lilisan dito at pupunta sa isang dako. At tinatatakan n’yo ang destinasyon n’yo dito pa lang mismo, sa paraan ng pamumuhay n’yo at kung ano ang ginagawa n’yo, na anupa’t may kinikimkim palang sama ng loob, at napakasama, at lahat na, at pagkatapos ay magsisimba. Oh, kahahabagan! Whew! Mahiya kayo.

138 Nagdadala ka ng kadustuan sa—sa layon ni Cristo. Hindi ba’t ganoon? Hindi ba’t nagagawa natin ’yung ganoon? Hindi ’yung mga kontrabandista ng alak ang sumisira sa Iglesya; hindi *sila*. Hindi ’yung patotot ang sumisira sa Iglesya. Ang mga tao na nagsasabi na Cristiano sila ang sumisira sa Iglesya. Alam na natin kung ano itong kontrabandista ng alak at kung ano itong patotot. Kapag ang mismong kapatiran nating babae ang nagdadamit na parang isang patotot, iba na ’yun, *’yun* ang nagdadala ng dungis sa Iglesya. Kapag ang isang lalaki’y umiinom na tulad sa isang kontrabandista ng alak, buweno, kung ganoon, ’yun ang nagdadala ng dungis sa Iglesya. Haya’t nagsasabi sila na Cristiano sila at ginagawa nila ’yun. Nakatingin ang mga tao sa inyo sa pangalan . . . “Ibunsod sila

na sumasambitla sa Pangalan ni Jesus Cristo'y lumayo mula sa kasalanan." Kita n'yo? Lumayo mula roon.

139 Oh, sobrang kulang na kulang tayo, kapatid. Ako, kayo, lahat tayo, tayo'y—tayo'y kulang na kulang sa kung ano ang nais ni Cristo sa atin na maging. At dito mismo sa araw na ito ay oras na para isantabi ang bawat kasalanang madaling pumipigil sa atin, at takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin. Mga mangangaral, tama 'yun, mga kapatid. Ganap na tama 'yun.

140 "Alalahanin n'yo at magsisi, o aalisin Ko ang Liwanag ng bituwin sa kinalalagyan nito." Ano ba ang kinalalagyan nito? Sa loob ng Iglesya. "Anupa't kung hindi kayo magsisisi at manunumbalik sa kung saan kayo nakalagay sa una, tatanggalin Ko ang inyong pastor agad-agad mula sa inyo at aalisin siya sa kinalalagyan niya; dadalhin Ko siya sa isang lugar kung saan ang kanyang . . . kung saan ipaaaninag Ko ang Aking Liwanag na magliwanag." Hmm! Hindi po ba't kapita-pitagan 'yun?

141 Panahon na para magsisi ang mga iglesya. Panahon na para alisin ng mga Pentecostal ang marami sa mga mumunting pinahusay na mga iskolar na ito mula sa kanilang mga pulpito, at kumuha ng makalumang mangangaral doon na sasabihin sa inyo ang Katotohanan; hindi 'yung tatapik-tapik at gagamitin ang simbahan bilang pinagkukunan ng makakain, malalaking sahod, at parang ganoon, at sikolohiya, at kung anong karera ng kabayo, at mga soup supper, at lahat na ng iba pa. Panahon na para ipanumbalik ang Ebanghelyo. Hindi ko alintana kung gaano man kayo kakaunti, "Kung saan may dalawa o tatlo na nagkakatipon, Ako'y—Ako'y paroroon sa gitna nila."

142 "Magsisi kayo, kung hindi'y pariringan Ako at aalisin ang kandelero; paaalisin siya, tungo sa ibang lugar kung saan paliliwanagin niya ang kanyang liwanag."

Ngayon ika-6 na talata. Ngayon heto 'yung isa na magkakaroon tayo ng problema. Ngayon, maliban na kayo'y magsisi, pariringan Siya at aalisin sa inyo ang pastor.

*Nguni't ito'y nasa iyo, . . .*

143 Ngayon, alalahanin n'yo. Oh, huwag n'yo itong palampasin ngayon. Paglalakipin nito ang iba pa, pababa rito sa ating . . . kapanahunan na kinalalagyan natin ngayon. Ang bawat isa ba'y mainam ang pakiramdam, unang-una? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nagmamadali po ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."] Sige, ngayon. Sige, diyan lang kayo nang kaunti pa. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Makakapanatili po kami buong gabi."] Ngayon . . . Salamat.

*Nguni't ito'y nasa iyo,* (May kung anong bagay sila noon, hindi po ba? Ngayon, ano itong mayroon sila?) *na*

*iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.*

144 "Kinapopootan ninyo ang mga gawa ng mga Nicolaita." Nakaupo ako sa silid kanina dun, may naisulat ako rito tungkol diyan, nais kong pakinggan n'yo itong maigi ngayon, nandito po sa mga dalawang pahina rito. Ang ikaanim na talata, pinupuri't may pagkakasundo; haya't, ang Diyos at ang Iglesya'y nagkasundo sa isang bagay, na kanilang "kinapootan ang mga gawa ng mga Nicolaita"; ang tunay na Puno ng Ubas, ang tunay na Puno ng Ubas, ang tunay na Iglesya na naroon sa iglesyang ito ng Efeso.

145 Ngayon, alalahanin n'yo, bawat iglesya'y may mga miyembrong pormal at bawat iglesya'y may mga miyembrong espirituwal. Yan 'yung kambal na isinisilang sa bawat rebaybal at nabubuhay sa bawat iglesya. Nagsimula sila sa kapanahunan na *ito* at nagtatapos sa kapanahunan namang *ito*. At sa huli, nasakop ito noon ng mga pormal doon sa Kapanahunan ng Tiatira, at ang ginawa ni Luther ay hinaltak ito pabalik. At ngayon ay bumabalik na naman uli sa ganoon. Nakikita n'yo ba ang pormal na relihiyong 'yun? Walang pagkakaiba sa pagitan nun at ng Katolisismo. Lahat ay parehong-pareho na. Bawat organisasyon ay tinadtad na papasok doon. Kailanman ay hindi nag-organisa ang Diyos ng Kanyang Iglesya. Yun mismo ang sinisikap nilang gawin dito. At masdan n'yo at tingnan ngayon kung hindi ba 'yan tama, haya't sadyang ipinapakita sa inyo kung gaanong isinumpa ang organisasyon. Yun nga'y—'yun nga'y kakaiba para sa bagong Iglesya noon, sa Iglesya ng Bagong Tipan. Kita n'yo?

*Nguni't . . . iyo . . . Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.*

146 Kinapopootan ng tunay na Puno ng Ubas ang pormal na mga gawa ng mga Nicolaita, ganoon din ang Diyos. Yung mga gawa noon sa iglesya ng Efeso, sa iglesya ng mga taga-Efeso, ay naging turo't aral sa iglesya ng Pergamo. Sa Efeso, sa unang iglesya, isa 'yung gawa, sa kasunod na iglesya 'yun ay naging doktrina 'yun. Napapakinggan n'yo ba Ito? Nauunawaan n'yo na ba Ito ngayon? Isa 'yung gawa sa Efeso, at masdan, pagdating dito sa Pergamo 'yun ay naging doktrina na. Nagsimula lang 'yun sa isang munti't sanggol na anyo. Ngayon, maya-maya ay malalaman natin kung ano ito. Heto ang nabanggit na *mga lobo* ni Pablo, "mga gawa ng mga Nicolaita."

147 Ngayon ano . . . Himayin natin ang salita na 'yan at alamin kung anong mayroon tayo bago tayo umusad pa. Ang salitang *Nicolaita* ay may pagka-banyaga sa akin. Kumuha ako ng Griyegong lexicon na aking—aking mahahanap. Ang Nicolaita ay nanggaling sa salitang *Nicko*, N-i-c-k-o. Sandali lang po, sa

palagay ko'y naisulat ko 'yun dito. N-i-c-k-o, *Nicko*, na ang ibig sabihin "sakupin o sugpuin." *Nico-laita*, "sugpuin o sakupin ang laita." Ang bagay na sinusubukan nilang gawin dito'y sinisikap nilang sakupin ang mga iglesya kung saan ang Diyos ay may mga pastor, at kung saan ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng mga kaloob sa loob ng Iglesya ng buhay na Diyos, at, nagpapasimula sila ng isang doktrina kung saan magkakaroon na sila ng ilang mga pari, at mga obispo, at mga papa, at iba pa. Na, ang sabi ng Diyos, Kanyang kinapopootan! Kinapopootan Niya ito hanggang ngayon. *Nico-laita*, (Nicko, "pangibabawan") o "sugpuin ang laita." Ang *laita* ay "ang iglesya." Ilan ang nakakaalam na ang laita ay ang iglesya? Buweno, "Sugpuin o sakupin, o kunin ang lugar ng laita."

148 Sa madaling sabi, kunin ang lahat ng pagka-sagrado, lahat ng kapangyarihan mula sa iglesya, at ilagay 'yun sa mga pari; "Hayaan ang kongregasyon na mamuhay sa paraan na nais nito, pero ang pari ang siyang banal." Kinukuha ang Espiritu Santo palayo sa mga tao na may mga tanda't mga kababalaghan na lumalakip sa kanila, at kunin 'yun palayo at bigyan sila ng isang santong kaparian. Kukunin palayo ang Espiritu Santo't papalitan Ito ng isang kaparian. Nakikita n'yo na ba kung ano ito? Isa 'yung. . . Sa huli nga'y naging. . . *Dito* sa iglesya na ito, iyon nga'y mga gawa pa lang; at *dito* sa dako naman na ito ay naging isa nang doktrina; at sa Tiatira, 'yun na mismo ang nangibabaw nang lubos. At nung lumabas si Luther, hindi pa rin 'yun maaaring manatili sa ganoong paraan, kaya haya't bumalik uli't nangibabaw uli: mga obispo, mga kardinal, mga arsobispo. Sino ba dapat ang ulo ng Iglesya ng Diyos kundi Siya Mismo? Amen! Whew! Pakiramdam ko nga'y napupuspos ako nang husto. Ang Espiritu Santo'y ipinadala para pamahalaan ang iglesya; hindi lang doon sa mangangaral, sa buong kongregasyon mismo! . . . hindi lang ang mangangaral ang marapat na banal, anupa't, ang buong Iglesya ay may kamit na Espiritu Santo.

149 At sa halip na Yaon, sa halip na magkamit ng Espiritu Santo para ibunsod 'yun, kumuha sila ng munting wafer at isang biskuwit, at kung anong alak, at tinawag 'yun na "Banal na *Eukaristiya* na ang ibig sabihin daw ay 'Espiritu Santo.'" Papaano ngang ang biskuwit at ang bahagi ng alak ay magiging isang espiritu? Ngayon, kung—kung ganoon 'yun, ang mababasa n'yo sana sa Mga Gawa 2 ay parang ganito: "Noong dumating nang ganap ang araw ng Pentecostes, heto na dumarating ang isang Romanong pari sa daan, at sabi niya 'Ilabas mo ang iyong dila' at ipinatong niya roon ang wafer, at siya'y uminom ng alak, sabi, 'Ngayon kamit n'yo na ang Espiritu Santo.'" Ngayon, ngayon maiisip nga natin na kakila-kilabot 'yun. Siyanga.

150 Ngayon bumaba pa tayo; ako po'y inordenahan sa isang iglesyang Baptist, kunin nating halimbawa ang mga Baptist. Uh-huh. Hmm? Ang Methodist, anong ginagawa natin? "Kung

ihahayag mo na 'si Jesus Cristo'y ang Anak ng Diyos,' kayo'y ligtas." Naniniwala din naman ang diyablo na Siya ang Anak ng Diyos, at nanginginig pa nga Rito; marahil mas maigting pa ang paniniwala kaysa sa paniniwala ng marami sa mga miyembro ng iglesya. Naniniwala ang diyablo sa siya ring bagay at nanginginig pa, dahil alam niya na tiyak na mapapahamak siya.

151 Ngayon dalhin natin sa anyo naman ng Methodist, sinasabi nila—sinasabi nila na "hindi nagbautismo si Juan," kundi, "siya'y nagwisik." Sabi, "Marami kasing gopher sa bansang 'yun noon, at—at ang tubig ay nanggagaling mula sa mga dakong 'yun. At siya'y may kabibe't humuhukay ng lungga ng gopher." At aktuwal na ipinapangaral nila 'yan. "At nakakakuha siya ng tubig sa kabibe na ito ng gopher, o kabibeng-kabya, mula sa lungga ng gopher, at winiwisikan niya ang mga tao." Kalokohan! Oh, kapatid!

152 Buweno, dito'y ganito ang kuha natin, "Noong dumating nang ganap ang araw ng Pentecostes, lahat sila'y nasa isang lugar, may pagkakaisa. At pumunta roon ang pastor at nangaral ng isang mainam na pangangaral, at sinasabi, 'Iabot mo sa akin ang kanang kamay mo ng pakikipagbuklod, at ilalagay namin ang iyong pangalan sa aklat ng mga miyembro.'" Hindi nga tamang pakinggan, di po ba? Marahil makukuha n'yo 'yun sa . . . Haya't hindi n'yo makikita ang ganoon sa isang almanac, mas maalam pa nga sila kung tutuusin. Yung lumang *Ladies Birthday Almanac* ay mas tumpak pa kaysa sa mararating nun.

153 Buweno, anong nagdulot nun, na maging ganoon noon? Nagpasok ang Nicolaita ng kumpol ng mga lalaki para baluktutin ang Kasulatan, at gumawa ng denominasyon para hindi na makakakilos ang Diyos sa loob nun. Namatay nga 'yun doon at doon mismo! Kaya ang sabi Niya rito, "Kayo'y patay! Kayo'y may 'pangalan' na kayo'y nabubuhay, pero kayo'y patay!" Marami sa kanila, ang patay, at hindi 'yun nalalaman.

154 Ako at ang kapatid ko'y nangingisda noon, noong maliliit na batang paslit pa kami, sa dako rito. At nakahuli ako ng isang matandang nangangagat na pagong, at pinutol ko ang ulo nun; inalis ko ito dun sa direksyon nung pamansing, ayaw kong magbaka-sakali sa bagay na 'yun; at inihagis ko 'yun sa pampang. At dumating ang munti kong kapatid na lalaki, at sabi niya, "Ano 'yung nahuli mo kani-kanina?"

Sabi ko, "Isang pagong."

Sabi niya, "Anong ginawa mo sa kanya?"

Sabi ko, "Diyan, nandiyan siya, *diyan*, at 'yung ulo naman niya'y *nandun*."

At pinuntahan niya dun. Tapos sabi niya, "Patay na ba siya?"

Sabi ko, "Sigurado! Nakahiwalay na 'yung ulo niya sa katawan niya, kaya patay na siya."

155 Pagkatapos nga'y pumulot siya ng patpat, at inaabot-abot niya at para ihagis na 'yung ulo nung pagong pabalik sa ilog, at nung. . .o sa sapa. At nung inaabot-abot na niya, sinunggaban nung matandang pagong 'yung patpat. Alam n'yo, na pakagat-kagat doon ng mga isang oras o dalawa. Napaatras ang kapatid ko, sabi niya, "Naku! Akala ko ba ang sabi mo, 'Patay na ito.'"

Sabi ko, "Patay na nga."

Sabi niya, "Buweno, hindi niya pala alam na patay na siya. Hindi nga."

156 Mangyari nga na ganoon din 'yun sa maraming mga tao: patay na at hindi 'yun nalalaman! Mga Nicolaita! Oh, naku! Oh, ang sabi ng Diyos, "Kinapopootan ninyo iyon." Na mayroon na nitong lahat na, na santo padre, santo kardinal, santo obispo.

157 At ang ilan din sa inyo na mga Pentecostal, "Ang punong tagapangasiwa, papuntahin natin siya. Ang pangkalahatang tagapangasiwa, siya ang magsasabi sa inyo kung maaari kayong magdaos ng gawain ng pagpapagaling dito o hindi. Ha, ha." Hallelujah! Ang Espiritu Santo lang dapat ang magsasabi nun o hindi, ang Walang Hanggang Salita ng Diyos.

158 "Buweno, Kapatid na Branham, naniniwala naman kami na itinuturo ng Biblia 'magbautismo sa Pangalan ni Jesus,' pero ang sabi kasi ng pangkalahatang tagapangasiwa na kung ipatutupad namin 'yun sa aming simbahan, sisipain niya kami paalis." Gawin n'yo lang. Siyanga. Mas pipiliin ko pang mapatalsik dito kaysa Roon mapatalsik. Kaya, kung may bagay kayo na aalisin *dito*, kayo nga'y patatalsikin at patatalsikin Doon, ano't anuman, kaya mas pipiliin n'yo na lang na mapatalsik dito. Kung patatalsikin niya kayo rito, papapasukin naman kayo Doon. Kaya kung ganoon din lang, Dito kayo manatili.

159 Nais nating maituwid. Oh, naku, seryosong bagay ito, kapatid. Kinakailangan nating makuha ito nang tamang-tama. Hindi tayo kailanman magkakaroon ng isang Iglesya hanggang sa maglagay ang Diyos ng pundasyon na pagtatatagan Nito. Hindi Siya kailanman magtatayo ng Kanyang Iglesya sa ibabaw ng kung anu-anong walang kabuluhan. Kinakailangan na Siya'y darating batay sa Kanyang Salita o hindi Siya darating ano't anuman; nakabatay mismo sa Kanyang Salita.

160 May isang tao, di pa katagalan, sa dako roon, ang sabi, "Kapatid na Branham, pumunta po kayo ng Chautauqua." Ilan po ang naroon noon sa Chautauqua? Aba, tingnan n'yo nga naman, nasa katlong-bahagi ng iglesya o higit pa ang naroon noon sa Chautauqua. Na. . .Ngayon, 'yung lalaki po na tumayo roon nung hapon, at lahat kayo'y napakinggan na siya, wala siyang kaalam-alam na malalaman ko ang tungkol dun. Magagawa ng Diyos na ihayag sa silid doon sa itaas kung ano ang sinasabi nila roon sa ibaba, at, alam n'yo, ganoon nga mismo ang ginawa ng Diyos. Dumako roon ang lalaki, sabi, "Ngayon,

si Kapatid na Branham, oh, siya'y isang lingkod ng Panginoon. Kapag ang Espiritu ay nasa kanya, siya'y pinahirang propeta, tunay na malalaman nga niya, sinasabi sa kanya ng Diyos kung ano ang nangyayari at kung ano ang mangyayari pa lang; pero ang teolohiya niya, huwag n'yong pakinggan 'yun."

161 Napakawalang-katwirang ideya! Papaanong masasabi 'yun ng isang tao! Aba't, wala pa akong. . .Buweno, kung hindi n'yo alam ang pagkakaiba ng gisantes sa butil ng kape, kayo nga'y—kayo nga'y dapat na mas maalam dun. Papaanong makaiisip kayo ng isang bagay na tulad nun? Bakit? Haya't, ang salitang *propeta* mismo'y ang ibig sabihin ay "isang makalangit na tagapaghayag ng Salita." Papaano n'yo. . .? "Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta." Hindi ko kailanman sinasabi na isa akong propeta, sila ang nagsasabi. Pero hayan nga kayo. Kita n'yo?

162 Papaanong ang isang tao, na manghahawakan sa isang munting doktrina ng iglesya sa kung saang dako, dahil ang kanilang organisasyon ay hindi sumasang-ayon Dito, ipinagbibili ang inyong karapatan sa pagkapanganay para sa isang mangkok ng lugaw, Esau, kayo na miserableng ipokrito! Ganoon nga. Ang pagbebenta ng inyong pagkapanganay para sa isang mangkok ng lugaw, para sa isang mangkok ng denominasyon, sa isang mangkok ng organisasyon na kinapopootan ng Diyos. Alalahanin n'yo, ang sinasabi n'yong "organisasyon," kinapopootan 'yan ng Diyos! Yun 'yung bagay na naghihiwalay sa pagkakapatiran, at sumisira. . .Maraming Methodist, Baptist, at Presbyterian, ngayong gabi, na nagnanais na makipagbuklod sa palibot ng dulang ng Diyos. Pero kung gagawin nila 'yun, sila nga'y sisipain palabas sa unang beses pa lang na magpapasimula sila Rito. Ganoon nga mismo.

163 "Dito kasi kaanib si nanay," at lumalabas na sila'y apo na lang kung tutuusin. Oh, naku! Wala akong pakialam kung saan kaanib ni nanay, namuhay si nanay sa buong Liwanag na mayroon siya noong panahon niya, kayo'y nabubuhay sa iba nang panahon.

164 Ang pinatunayan noon ng siyensiya, mga tatlong daang taon ang nakararaan, sa pamamagitan ng pagpapagulong ng bola sa palibot ng isang globo, ang sabi, "Kung may sasakyan na aandar sa katakot-takot na bilis na trenta milya kada oras, bibitaw 'yun sa grabitasyon ng mundo mula sa lupa at aangat 'yun patungo sa kalawakan." Sa palagay n'yo ba naniniwala pa rin diyan ang siyensiya? Nagpapatakbo na sila ngayon nang labing-siyam na raang milya kada oras. Hindi na sila lumilingon pa dun para tingnan kung anong sinabi nila noon, na lilingon pa roon, haya't tinitingnan nila kung anong makikita nila sa pag-usad.

165 Pero ang iglesya nga'y laging nais lumingon, titingnan kung anong sinabi ni Wesley, kung anong sinabi ni Moody, kung

anong sinabi ni Sankey. "Ang lahat ng bagay ay ipangyayari sa kanila na sumasampalataya," sa unahan tayo tumingin! Ang tanging bagay sa Biblia na nakatingin patalikod . . . Alam n'yo ba kung anong uri ng hayop ang laging nakatingin patalikod? Ang pinaka mababang buhay na mayroon. Ilan ang nakakaalam kung ano ang pinaka mababang buhay na mayroon na gumagalaw? Ang palaka. Ang palaka ang pinaka mababang buhay na mayroon, at ang tao naman ang pinaka mataas na buhay na mayroon. At ang palaka'y nakatingin patalikod. Ayaw ko nga ng ganoong klase ng mababang buhay. Ang nais ko nga'y tumingin paharap, sumasampalataya, nagtitiwala, lumalakad sa Liwanag kung papaanong Siya'y nasa Liwanag, amen, kung papaanong nagsisinag Siya ng Liwanag.

166 Isang beses sa Kentucky ako'y nagdadaos ng isang pagtitipon, may isang matandang lalaki na pumaroon, at sabi niya, "Oh, hindi ako naniniwala riyan sa pagpapagaling."

Tapos sabi ko, "Buweno, ayos lang, ikaw ay Amerikano."

Sabi niya, "Hindi ako—hindi ako naniniwala sa kung anuman maliban na makita ko ito."

Tapos sabi ko, "Buweno, ayos lang 'yan."

Sabi niya, "Ngayon, wala akong laban na anuman sa iyo, pero hindi ako—hindi ako naniniwala sa sinasabi mo."

Sabi ko, "Pribilehiyo mo po 'yan bilang isang Amerikano, hindi n'yo po kailangan."

Sabi niya, "Ngayon, hindi ako kailanman tumatanggap ng anuman maliban na makita ko 'yun nang malinaw." Hmm!

Sabi ko, "Buweno, ngayon ako . . . ayos lang 'yan—ayos lang 'yan, kayo po'y taga-Missouri marahil."

Sabi, "Hindi, isa akong tubong Kentucky." Whew!

"Mukhang di po maganda para sa Kentucky," sabi ko. "Pero, sige po," sabi ko, "kung kayo . . . ganyan ang iniisip n'yo, sige lang po." Tapos sabi niya—sabi niya . . . Sabi ko, "Papaano po kayo uuwi sa inyo?"

167 Sabi niya, "Tatawid ako sa bulubundukin. Doon ako nakatira sa . . . Buweno, sumama ka sa akin." Mabait na lalaki po. Sabi, "Doon ka na sa amin umuwi, magpalipas ka ng gabi, Kapatid na Branham."

Sabi ko, "Kung maaari lang sana, kapatid." Pero, sabi ko, "Ako kasi'y tutungo doon kasama ng tiyuhin ko." Tapos sabi niya . . . Sabi ko, "Gusto n'yo bang sumabay na lang?"

Sabi, "Hindi, doon kasi sa bulubundukin na 'yun ako tatawid, dito sa daan na ito, at pababa doon sa talibis, at paakyat," alam n'yo naman 'yung daan sa gawi roon.

Tapos sabi ko, "Buweno," sabi ko, "papaano po kayo pupunta roon?"

Sabi niya, "Dadaan ako sa daan na 'yan diyan."

"Naku," sabi ko, "hindi n'yo na po makita ang kamay n'yo sa harapan n'yo." Sabi ko, "Papaano po kayo makakaakyat dun?"

Sabi, "May ilawan naman ako!"

Tapos sabi ko, "Buweno, papaano n'yo . . . Anong gagawin n'yo, pailawin ang ilawan na 'yan at pagkatapos lalakad na dala-dala ito?"

Sabi niya, "Ganoon na, nga."

Sabi ko, "Kapag iilawan n'yo ang ilawan na 'yan, maiaangat n'yo ba 'yan nang *ganitong* kataas? Gusto ko kasing makita ang bahay n'yo."

Sabi niya, "Hindi mo makikita."

Sabi ko, "Kung ganoon paano kayo makakarating dun?"

"Oh," sabi niya, "Iilawan ko lang itong ilawan; at sa paglalakad ko, ito'y . . . Lalakad nga ako sa liwanag . . . "

Sabi ko, "Ganoon nga 'yun. Amen, lumakad mismo sa Liwanag."

168 Magpatuloy lang sa paglakad! Huwag kayong tumayo lang, hindi kayo makararating sa kung saan. Kung kayo'y naligtas na, lumakad kayo sa pagpapaging banal. Sasabihin n'yo, "Papaano ka makararating dun?" Magpatuloy lang sa paglalakad. "Ang bautismo ba ng Espiritu Santo'y pagkatapos na ng pagpapaging banal? Papaano ko makakamit 'yun?" Sige't magpatuloy lamang sa paglalakad sa Liwanag. "Ang mga tanda ba't, mga hiwaga, at mga himala . . . ?" Magpatuloy lamang sa paglalakad sa Liwanag. Kita n'yo? Magpatuloy lamang! Sa bawat pagkakataon na hahakbang kayo, ang Liwanag nga'y nauuna sa inyo nang kaunti, dahil Siya'y laging nauuna sa inyo. Hindi Siya nagtutulak, Siya'y nagpapatnubay. Siya ang Liwanag. Oh, ikinagagalak ko talaga 'yan. Hindi ba't kayo rin? Siya ang Liwanag, sa Kanya'y walang kadiliman.

169 "Iyong kinapopootan ang mga gawa ng Nicolaita." Na naging doktrina. Ngayon tingnan natin kung anong sinabi ni Pablo . . . Ngayon, kaninong iglesya . . . Sino ang nagtatag ng iglesyang ito? Si Pablo, itong Efeso.

170 Bumuklat tayo ngayon sa Mga Gawa sa ika-20 kabanata, pansumandali. Sa Mga Gawa sa ika-20 kabanata, at tingnan kung anong sinabi ni Pablo . . . Naniniwala ba kayo na si Pablo'y isang propeta? Tunay, siya nga. Tunay, na siya nga'y propeta. Naalala n'yo 'yung gabi na 'yun tungkol dun sa pangitain sa maunos na dagat, at iba pa? Ngayon, . . . at lahat ng tungkol dun. Ngayon sa ika-20 kabanata ng San . . . ng Exo- . . . Mga Gawa, at simulan natin ngayon sa bandang—bandang ika-27 talata, at makinig nang maigi ngayon habang binabasa natin. Ngayon,

ito si Pablo, isang propeta, na paunang sinasabi ang bagay na mangyayari.

> *Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo* ng buong *kapasiyahan ng Dios.*

171 Talagang ang pinagpalang lalaki na 'yun! Oh, nais ko ngang tumayo sa araw na 'yun at masdan ang putong ng pagka-martir na 'yun na inilalagay sa kanyang ulo. Kung mayroon ngang bagay na maiiyakan ako, haya't iiyakan ko. Sisigaw ako, para lang makita si Pablo.

> Masdan si San Pablo, ang dakilang apostol,
> Sa kanyang balabal na matingkad at maringal;
> At tiyak mangyayari ang ilang pagbubunyi
> Kapag nagtagpo na tayo sa kabilang Ibayo.
> (Hindi ba't kayo rin?)

172 Ngayon:

> *. . . hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo . . . ng* buong *kapasiyahan ng Dios.*

173 Tama ba? Ngayon, mga Cristiano, tumingin po kayo sa gawi rito; may bagay ako na nais itanong. Sino ang nag-utos sa mga tao noon na nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo na lumapit at kailangan na mabautismuhan muli? [Sinasabi ng kongregasyon, "Si Pablo."—Pat.] Ipinangaral niya ang buong kapasyahan. Tama ba? Oh? At ano ang sinabi ni Pablo sa . . . Naniniwala ako na nasa . . . Hindi ko lang sigurado kung Mga Taga-Tesalonica unang kabanata at ika-8 talata ba. "Datapuwat kami o isang anghel mula sa Langit ang mangaral ng ibang ebanghelyo, kung isang anghel ang bumaba mula sa Langit at mangaral ng ibang ebanghelyo kaysa rito" (kaysa sa pag-uutos sa mga tao na kailangan magpabautismo muli sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sa Ebanghelyo na ipinangaral ni Pablo) . . . "Kung may anghel man mula sa Langit" (hindi isang . . . papaano pa kaya kung isang obispo, o isang kardinal, o isang pangkalahatang tagapangasiwa, o isang pastor, o—o kung ano) . . . "Kung isang anghel ang bumaba mula sa Langit at mangaral ng ibang ebanghelyo maliban Dito, siya ay matakuwil." Ganoon nga. Tama po ba? Itong sinabi niya, 'yan po'y Mga Taga-Galacia 1:8. Naisip ko lang ngayon. Buweno, Mga Taga-Galacia 1:8, kung gusto n'yo pong isulat, tingnan kung anong sinabi ni Pablo.

174 Ngayon, dito ang sabi niya . . . Ngayon sa ika-27, sa palagay ko sa ika-27 talata:

> *Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay* sa *inyo . . . ng* buong *kapasiyahan ng Dios.*

175 Ngayon pakinggan n'yo kung ano itong . . . Ito'y isang propesiya:

*Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa. . .ng Espiritu Santo. . .na ginawa kayo na mga tagapangasiwa, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Dios,* na *binili niya ng kaniyang sariling dugo.*

176 Sino ang bumili? Kaninong dugo? Ang sinabi ng Diyos ay Dugo ’yun ng Diyos. Ang Diyos, sa Kanyang sariling Dugo. Tama po ba?

*. . .pakanin ninyo ang iglesia ng Dios,* na *binili niya ng kaniyang sariling dugo.*

177 Sinabi ng Biblia na tayo’y naligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos. Alam n’yo ba ’yun? Tunay, ginawa Nito. Buweno:

. . .ang *binili niya ng kaniyang sariling dugo.*

*Aking talastas, na pagalis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan.*

*At sa mga kasamahan din ninyo. . .*(Masdan, nagagawa nga ng lalaking ’yun na tumingin dun at makita ang bagay na ’yun na parating.) *. . .sa mga kasamahan din ninyo* magsisilitaw, *ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan.*

178 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Mga ilang taon pagkalipas habang siya’y. . .O may grupo ng kalalakihan na nagnanais na noon na gumawa ng isang organisasyon at kunin ang—ang kasagraduhan ng Espiritu Santo palayo sa iglesya, at ang ilalagay ay mga obispo’t mga papa’t mga pari, para. . .sila na ang magiging mga banal, at ang kongregasyon ay maaari nang mamuhay sa anumang paraan na kanilang—sa anumang paraan na kanilang nais. At magbabayad sila sa mga pari at siya raw ay magdadasal para hanguin sila mula sa impyerno, at lahat na ng tulad nun. At Nicolaita ang ganoon! At ang sinabi ng Diyos, “Aking kinapopootan ’yan!” Ngayon pakinggan n’yo.

“Patingin nga po, anupa’t diyan sa sinasabi mo, ‘sinabi ng Diyos na Kanyang kinapopootan ito’?”

179 Ngayon sige’t tingnan natin kung kinapopootan nga ba Niya:

*Nguni’t ito’y* nasa *iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.*

180 Kinapopootan ng Diyos ang organisasyon. Tama ba? Ngayon nakikita n’yo na ba nang eksakto kung ano ang gagawin nila, nakikita n’yo ba kung anong ginawa nila. Ngayon masdan n’yo nga sa pagtugaygay ng iglesya kung hindi ba nila ginagawa ’yun. Kinapopootan Niya ang organisasyon!

*Ang* may *pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia;. . .*

181 Ngayon, ang binabanggit ni Pablo na *mga lobo* ay naging "Nicolaita." Sinisikap nilang bumuo ng kaparian katulad nung Levitang pagkasaserdote, na banyaga sa turo't aral ng Bagong Tipan. Amen! Ang salitang *Nicko*, ang ibig sabihin ng Griyegong salita na *Nicko* ay "manakop, pangibabawan." Pangibabawan ang ano? Ang ordinaryong mga miyembro ng iglesya, ang Espiritu Santo. Alisin mula sa iglesya ang nagbangon na mag-uling Panginoong Jesus na kalakip ang mga tanda't mga kababalaghan sa gitna ng mga mananampalataya, at maglagay ng mga kalalakihan na binoto para maging papa, o isang karnal. . .kardinal, o isang tagapangasiwa na nangangahas na alisin ang Espiritu Santo palayo mula sa mga miyembro ng iglesya at magtalaga dun ng isang orden na tinatawag na banal na orden ng mga kalalakihan, inilalagay sila sa *ibabaw* ng mga karaniwang miyembro; na ang itatawag sa kanila ay hindi *mga pastor* na ang ibig sabihin ay "mga pastol," bagkus ay *padre ama*; na sinabi ni Jesus, "Huwag ninyong tawagin ang sinuman na 'ama' dito sa lupa." Kaya nakikita n'yo na ang masamang bagay na 'yun? At anong ginawa natin?

182 Oh, kung makahihinto lamang tayo rito. Kung puwede lang na hindi ganitong gahol ang mga gabing tulad ngayon, nais kong bukas ng gabi'y talakayin ang ika-12 kabanata ng Apocalipsis at ipakita sa inyo ang babaing patotot na 'yun na nakaupo roon, ang patotot. At ang babaing 'yun. . .ang dahilan kung bakit siya'y ganun, ay dahil nakiapid siya. . .sa Diyos, at tinawag ang kanyang sarili na isang balo, at gayundin na siya'y ang ina ng mga patotot. Tama ba? Ngayon, alam natin na ang Roma 'yan, dahil siya'y nakaupo sa ibabaw ng pitong burol, at ang lahat nga'y lumalapat nang eksakto, isang lalaki ang nasa kanya at may bilang ng hayop, at iba pa. Alam natin ang lahat ng 'yan mula sa nakaraang mga pagtuturo, kung sino ito. Pero ang nakakalungkot na bagay dun, siya'y ang nanay ng mga patotot. Ito yaong simula niya rito, nagsimula sa Roma bilang kumpol ng mga Cristiano, naturingan-lang na Cristiano.

183 Pakinggan n'yo! Lingapin nawa ako ng Diyos upang ibunyag ito! Sangkumpol na mga Cristiano sa isang iglesya na tulad nun. Sila'y naging pormal, at wala nang pakialam, at humiwalay, at nagtatag para sa sarili nila ng isang organisasyon. At pagkatapos ay pinagkaisa 'yun, noong Madilim na Kapanahunan, sa estado. At ang estado't kalakip ang simbahan ay naging isa nang ano? Cristianong iglesya, "Santo iglesyang Katoliko" ang tawag dun, (Ang salitang *Katoliko* nga, ang ibig sabihin ng naturang salita'y, "unibersal"), "ang dakilang unibersal na iglesyang Cristiano." At binansagan ang mga taong nakakapagsalita ng iba't ibang wika, at nakasisigaw, at nakakapagpagaling ng maysakit, at iba pa, na "mga heretiko." At ginawa 'yung pamumuwersa hanggang sa ang sinuman na mahuling sumasamba sa ganoong paraan, ay itatapon sa lungga ng mga leon, kung hindi nila tatanggapin

ang Katolisismo. Nangyari ang lahat ng 'yun nang daan-daang taon noong panahon ng pag-uusig. Pero hindi namatay ang Iglesya. Hindi n'yo kasi Ito mapapatay. Sinabi ng Diyos na Ito'y mabubuhay hanggang sa wakas at pagkatapos ay ibibigay Niya Rito ang putong ng Buhay. Tumugaygay sa mga kapanahunan na 'yun ng pag-uusig.

184 Pagkatapos dumating si Martin Luther para ipagpatuloy ang kapanahunan at inilabas niya ang iglesya sa ilalim ng pag-aaring ganap. Anong nangyari nung mamatay si Luther? Kanilang inorganisa ito, ginawa 'yung iglesyang Lutheran; mayroon nga silang doktrina. Kailan nila inorganisa ito, anong ginawa nila? Ibinigay ang karapatan sa pagkapanganay pabalik sa Romanismo uli. Ganoon nga mismo.

185 Pagkatapos ang Espiritu Santo'y umalis at nakita Ito ni Wesley. At sina Wesley, at Whitfield, at George Whitfield, at marami pang iba, at—at si Asbury, at marami sa kanila na mga dakilang rebaybalista. Iniligtas nila ang mundo noong araw na 'yun. Nagkaroon sila ng rebaybal noong panahon na 'yun ng Kapanahunan ng Filadelfia na nagligtas sa Inglatera, at sa Estados Unidos din. Nagdaos sila ng mga pagtitipon kung saan sinipa sila palabas at binansagan na "mga holy-roller." Kayo na mga Methodist, ginawa n'yo 'yun; nasubasob sila sa sahig sa kapangyarihan ng Diyos, at nagsasaboy sila ng tubig sa mukha nila't pinapaypayan sila. Ganoon nga. At sila'y malakas ang alog sa ilalim nun, hanggang sa sila'y . . . hanggang sa sabihin ng mga tao "may alog sila." Hayan nga ang mga tao na may pag-alog at manginginig sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Yan ang kasaysayan ng Methodist. Mula roon ay umusbong ang mga Quaker at iba pa; na ngayon ay inorganisa na rin nila ito.

186 Ginawa nila *itong* Methodist, Primitive Methodist, at *itong* uri ng Methodist, at *'yun* ay isang uri rin ng Methodist, hanggang sa nasadlak nang nasadlak masyado hanggang sa ninais na ng mga Methodist na alisin ang salitang "Dugo" sa kanilang aklat ng mga awitin.

187 Heto nung isang gabi, sa isang programa sa telebisyon (Itinawag sa akin ng nanay ko.) may Methodist na pastor sila, dito sa Indiana, na nagtuturo ng rock-and-roll sa simbahan. Sabi, "Sayang naman kung hindi natin makikita ang magandang sining na ito na maipasok sa iglesya."

188 Ang diyablo nga 'yun na nasa bulaang propeta! Siyanga! Ayaw kong saktan ang damdamin n'yo pero, kapatid, 'yun ang Katotohanan ng Diyos. Mas pipiliin ko pa na magalit kayo nang kaunti sa ganitong paraan at ibubunsod kayo na pag-aralan ang Kasulatan, para marahil ay magpakatuwid sa Diyos, kaysa sa mapahamak sa huli. Marahil hindi n'yo ako magugustuhan ngayon, pero balang araw ipapatong n'yo ang bisig n'yo sa akin, sasabihin, "Kapatid na Branham, 'yan ang Katotohanan."

Heto na nga ito, at patungo na nga sila roon. Doon nga sila... Nandiyan na. Sinabi ng Biblia na ganoon ang gagawin nila.

189 Pagkatapos mula kay Wesley, kung ginawa 'yun ni Wesley, pagkatapos heto ngang parating ang mga Pentecostal. At nagkamit sila ng pagpapanauli ng mga kaloob, nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ang bautismo ng Espiritu Santo.

190 Katulad ng isang butil ng mais na tumutubo mula sa lupa. Ang unang bagay mismo'y, nabubulok 'yun. Tapos mag-uusbong ng ilang dahon. Pagkatapos ito...May bukid kayo ng mais, isipin n'yo. Yung dahon na 'yun ay tutubo at magbubunsod ng tungkos. Itong unang ito, ay ang Lutheran. Ang tungkos, ano 'yun? Methodist; ang polen, ang kapatirang pag-iibigan, ang pagi-ebanghelyo, ang polen na kumakalat sa iba.

191 Anupa't, maging ang kalikasan ay ipinapahayag itong mga kapanahunan ng iglesya. Ang Methodist na umusbong mula sa kaguluhan...o, ang ibig kong sabihin, ang Lutheran na umusbong mula sa kaguluhan. Ang Methodist na ipinapagpag ang kapatirang pag-iibigan nito, ang araw ng pagi-ebanghelyo, at ang—at ang araw ng—ng pagmimisyon. Ang pinaka malaking araw ng pagmimisyon na nasumpungan ng mundo'y ang panahon ng Methodist. Ganoon nga. Ipinapagpag ang kanyang polen.

192 Anong nangyari dun? Mula sa polen na 'yun ay umusbong ang puso ng mais, mga Pentecostal. Isang butil, katulad nung siya ring bagay na ibinaon. Hindi dahon, hindi tungkos, kundi butil mismo. At ngayon ang mga—ang mga Pentecostal ay tinubuan na ng sapot 'yung butil, hanggang sa ito'y...hindi n'yo na nga halos makita 'yung butil. Panahon na para linisin ito! Amen! Anong ginawa nila? Ginawa ang siya ring bagay na ginawa ng mga Methodist. Ang isa'y nag-organisa bilang isang grupo, sabi, "Kami ang Assemblies of God." Yung isa naman, "Kami ang Pentecostal Holiness." Yung isa naman, "Kami ang Oneness." "Kami ang Twoness." At—at marami pa *nito*, at napakarami nila. Naku! Maaari kang sumakay sa kamelyo na isa ang umbok, dalawa ang umbok, tatlo ang umbok, lahat na. Oh, may animnapu, o tatlumpu, o apatnapung iba't ibang organisasyon sila.

193 Ano 'yung ginawa nila? Isinadlak pabalik sa Romanismo muli, nagbabautismo sa bautismo ng Iglesyang Romano Katoliko. Hinihiling ko sa sinumang Pentecostal na ipakita sa akin kung saan may sinuman sa Biblia na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Hinihiling ko sa sinumang obispo, kardinal, sinumang tagapagturo, na ipakita sa akin kung saan kung mayroon man, na isinagawang ganoon sa labas ng iglesyang Katoliko. At dinala 'yun ni Luther paglabas niya, dinala niya ang katekismo at lahat na galing dun. Ipinagpatuloy 'yun ng Methodist. Mga Pentecostal, dapat nga

kayong mahiya! Maglinis kayo! Manumbalik kayo sa Salita! Magsisi kayo o aalisin ng Diyos ang kandelero palayo sa inyo, 'yang Liwanag na kamit-kamit n'yo. Amen! Buweno.

194 Tinanggal palabas ang Espiritu Santo bilang Tagapamuno, at ang ibinigay sa kanila'y banal na orden ng mga kalalakihan, at ipinuwersa 'yun sa mga karaniwang miyembro. At hindi na sila nagpapatawag na "pastor, mga pastol," (Ang dapat sana'y ang tawag sa ati'y *mga pastor*, "mga pastol," ang ibig sabihin ng salitang *pastor*.) bagkus "padre, kardinal, arsobispo, o pangkalahatang tagapangasiwa." Kinapopootan 'yan ng mga tunay! At kinatigan ito ng Diyos para sa kanila, at nagsabi, "Akin itong kinapopootan, din!" Dahil Siya dapat ang pangkalahatang tagapangasiwa, ang arsobispo, ang papa. Kumikilos Siya sa bawat indibiduwal; hindi sa isang organisasyon, kundi sa isang tao.

195 Ngayon, kakatwa nga . . . Pakinggan n'yo, habang papatapos na tayo. May isa na lamang tayong talata.

196 Heto't may dogma tayo ng pagsisimula ng Katolisismo, apostolikong paghalili raw. Ilan ang nakakaalam n'yan? Apostoliko raw. Ngayon sinasabi 'yun ng Katoliko "Ang papa sa panahon ngayon ay ang kahalili ni Pedro, apostolikong paghalili." Wala pong ganoon. Papaanong ang inyong karnal, na seksuwal na pagnanasa . . . Papaanong sina Esau at Jacob ay naisilang nga sa kapwa banal na tatay at banal na nanay, at ang isa sa kanila'y Cristiano at ang isa nama'y diyablo? Uh-hum. Papaano 'yun nangyari? Dahil ang kasalanan ay kasalanan, ang seksuwal ay seksuwal, pero ang Diyos ang nagbibigay ng Kapanganakan.

197 Pinili tayo ng Diyos mula pa sa pagkatatag ng mundo. Alam n'yo ba 'yun? Hintayin n'yo lang hanggang sa sumapit tayo dun sa pagbabasa ukol sa mga mananalaysay na ito ng kasaysayan, at tingnan n'yo kung papaanong si Ireneo . . . kung papaanong nagpuri siya sa Diyos sa pagpili sa kanya bago pa man itatag ang mundo; kung papaanong si San Martin at lahat sila, ay nagbibigay papuri sa Kanya; sa Diyos, ng papuri. Sabi, "Dahil . . . " At ipinapangusap siya ng mga tao, na sinasabing, "Siya'y pinili bago pa itatag ang sanlibutan." Yan ang Kasulatan. Ang mga kapatid na 'yun ay nakalinya sa Diyos. Pero ang dati nang maitim na iglesyang ito'y namayagpag sa loob ng labing-limang daang taon ng Madidilim na Kapanahunan, dinungisan ang buong bagay na 'yun na tulad sa isang ilawan na puno ng usok, na hinaharangan tuloy ang Mga Ilaw. "Subalit Magliliwanag sa oras ng gabi," ang sabi ng Panginoon.

198 Apostolikong paghahalili raw, ang isa'y hahalili sa isa pa; isang papa, at kinakailangan na naroon ka sa angkan ng mga papa bago ka maging isang papa. Oh, naku, naku! Kalokohan. Ang—ang mga karaniwang miyembro . . . Hindi na banal at

matuwid, pero yaong. . .hayaang. . .hayaan—hayaan ang mga pari na ipanalangin na lang sila at para mailabas sila sa kanilang mga pagkakasala, na pinatatawad ang kanilang mga kasalanan, sa pagbayad ng pera para sa pangungumpisal.

199 Ganoon din ang ginagawa ng mga Protestante! Sinisikap din nilang. . .tinatapik ang kanilang pastor sa likod at namumuhay naman nang katulad ng iba pa sa sanlibutan. At walang kaalam-alam tungkol sa Diyos na gaya lang sa kanyang. . .pinalalagi sila sa kanyang iglesya at tinatawag sila na mga miyembro ng kanyang iglesya, at ibinubunsod nga sila na mamalagi dun at idedeklara sa kanila na ligtas sila. Mangyari nga na mabibigo sila sa araw na 'yun kung hindi sila maipapanganak na muli! Kung wala kayong Espiritu Santo kayo'y mapapahamak. Walang tao ang makapagsasabi, "si Jesus ay Cristo," sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo.

200 Ang tunay na Iglesya sa Efeso ay hindi nadaya ng mga pino't, intelektuwal na mga talumpati. Siya. . .Kanilang kinapootan 'yun. Hindi sila nadaya, alam kasi nila; hindi nadaya ang tunay na Iglesya.

201 Itong huwad na kapahayagan na mayroon ang mga taong ito, na tinatawag na Nicolaita, na hindi nakikipagtaguyod sa Salita ng Diyos. Sabihin n'yo nga sa akin kung mayroon kayong nakita kailanman na "pari sa kumpisalan" na itinuro sa Biblia rito. Saan n'yo makita ang "pagwiwisik" na itinuro sa Biblia rito na para sa ikapapatawad ng kasalanan? Saan n'yo makikita na may sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo" para sa ikapapatawad ng inyong kasalanan? Saan n'yo ito makikita na, "Iaabot ang kanang kamay ng pakikipagbuklod, at ilalagay ang kanilang pangalan sa aklat ng iglesya" diyan? Saan n'yo makikita ang lahat ng ganoong bagay? Ano 'yun? Dahil 'yun sa isang kaparian o sa isang—isang grupo ng mga ministro na hindi tama sa Salita, at sila'y mga Nicolaita, at sinabi ng Diyos, "Kinapopootan Ko sila!" Manumbalik kayo sa Salita. Oh, 'yun nga'y. . .Alam ko na masakit 'yun, kapatid, pero di ako—di ako—di ako ang responsable nito; kay Jesus, sa Kanya kayo magreklamo.

202 Huwad na kapahayagan, na wala sa Salita, kaya, tinawag sila na "mga bulaan, bulaang mga apostol, bulaang mga propeta." Pero ang tunay na Iglesya'y nanatili mismo sa orihinal na katuruan ni San Pablo at sa bautismo ng Espiritu Santo, na may mga tanda na lumalakip at pinatotohanan ang Salita na itinuro ni Pablo. Amen! Ipakita n'yo kung saan ang Diyos ay pinatotohanan kailanman ang salita tungkol sa pagwiwisik. Ipakita n'yo sa akin kung saan ang Diyos ay pinatotohanan, at ibinubunsod ang pagsasalita sa iba't ibang wika at dakilang mga bagay, sa pamamagitan ng pakikipagkamay sa pastor sa kung saan at paglalagay ng inyong pangalan sa listahan ng mga miyembro; at ngumunguya pa rin, naninigarilyo, umiinom ng

alak, nagsisinungaling, naglalaro ng baraha, at nagkakatuwaan nang kaunti, nagtutungo sa . . . Oh, kahabagan! Karnal 'yan, bulaang propeta, kaibigan. Ganoon, nga.

203 Ang daan ng Diyos ay kabanalan. Maalaman nga 'yan ng bawat bahagi rito ng Katawan ni Cristo: maliban kung namumuhay ka ng isang banal na pamumuhay, tatanggihan ng Diyos ang iyong alay. Ang alay ay kinakailangan na maihandog ng mga banal na kamay. Ganoon nga . . . ? . . . siyanga. Ang punong saserdote noon bago siya makapasok para ihandog ang alay, kinakailangan niyang maging banal, at inilaan, at pinahiran, at pinabanguhan, at lahat, bago siya makakalakad sa presensya ng Diyos para ihandog ang alay. Tama ba? Kaya naman papaano kayo makalilipana sa labas at manloloko, at magnanakaw, at makikipagtalo, at makikipag-away sa inyong mga kapitbahay, at lahat, at magpapatuloy sa mga ginagawa n'yo, at pagkatapos papasok at magsasabi, "Oh Panginoong Diyos! Purihin si Jesus! Hallelujah!"?

204 Sasabihin ng mga tao, "Nakikita ko sila na nagsasalita sa iba't ibang wika." Hindi ibig sabihin n'yan ay kamit nila ang Espiritu Santo. "Narinig ko sila na nagbubunyi." Hindi pa rin n'yan ibig sabihin ay kamit nila ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo'y buhay.

205 Ang sabi ng Biblia, "Ang ulan na lumalagpak sa lupa nang madalas, para ihanda ito, para bukirin ito kung saan ito inihanda," (Mga Hebreo 6) "datapuwat ang mga tinik at dawag na malapit sa pagkatakuwil, na ang kahihinatnan ay ang sunugin."

206 "Ang araw ay sumisinag sa matutuwid at sa di-matutuwid. Ang ulan ay lumalagpak sa matutuwid at di-matutuwid." Ang ulan ay dumarating para papagbungahin ang trigo (gaya ng tawag natin), at maging ang bawat damo sa parang. Kung ang trigo'y nauuhaw, kung ganoon ang damo'y nauuhaw rin. At ang siya ring ulan na nagtutubig sa trigo, ay nagtutubig sa— nagtutubig din sa mga damo. Ang munting kalugud-lugod na trigo nga'y iaangat niya ang kanyang ulo at sisigaw, "Purihin ang Panginoon! Hallelujah! Hallelujah! Ikinagagalak ko na matanggap ang ulan na ito!" Ang munting damo'y sisigaw rin, "Kaluwalhatian sa Diyos! Purihin ang Diyos! Hallelujah! Ikinagagalak ko na matanggap ito."

207 "Subalit sa pamamagitan ng kanilang bunga'y makikilala sila." Ganoon nga. "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala sila."

208 Sa ika-7 talata, at pagkatapos magtatapos na tayo, ito na ang huli sa kapanahunan ng iglesyang ito. Ngayon lalagpas tayo ng limang minuto, o sampu, pansumandali.

> *Ang* may *pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay* siya kong

*pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios.*

209 Ngayon tingnan n'yo, mga kaibigan, heto ang paraan para makapanagumpay kayo. Unang-una'y kinakailangan n'yong makapanagumpay, pagkatapos maaari n'yong kainin ang bunga. Ganoon ang mananagumpay. Naalala n'yo ba kagabi, ang pagtuturo natin kagabi? Kinakailangan ni Juan na makadako sa Espiritu bago siya nakakita ng anuman. At papaanong magagawa n'yong maupo, sasabihin, "Kung hindi siya isang Baptist, hindi ako makikinig sa kanya"? "Kung hindi siya Presbyterian, hindi ako makikinig sa kanya." "Kung hindi siya magtuturo nang kung ano mismo ang itinuturo ng iglesya ko, ako'y. . . " Hindi kayo—kayo—kayo makakapanagumpay, wala pa kasi kayo sa Espiritu. Wala kayo sa kaayusan.

210 Dumako kayo sa Espiritu, sabihin, "Panginoong Jesus, minamahal Kita, ngayon ihayag Mo sa akin ang anumang bagay na nakikita Mong karapat-dapat, sadya pong ihayag Mo lang sa akin." Pagkatapos inyong—inyong makukuha na ito nang tama. Ganoon nga.

211 Pansinin, tatlong beses na binanggit ng Biblia ang tungkol sa—tungkol sa Punongkahoy ng Buhay sa Genesis, tatlong beses din sa Aklat ng Apocalipsis. Noong isang araw tinalakay natin 'yun. Naalala n'yo? Linggo, kahapon. Ang tanging. . . Kinamumuhian nga ng diyablo ang bawat Kasulatan na mayroon diyan, pero ang kinamumuhian niya, nang lubos, ay ang Genesis at Apocalipsis. Inaatake niya ang Genesis dahil sa awtentisidad nito, dahil ang gusto niya'y papaniwalain ang mga tao na hindi Ito ganoon; "Hindi naman talaga eksaktong nangyari kung ano ang sinabi ng Diyos diyan sa Genesis, mayroong ibang bagay na nagdulot ng pagkalikha na ito't nagkaroon." Mangyari nga na inaatake niya Ito sa ganoong paraan. At iniiwas niya ang mga tao palayo sa Apocalipsis dahil Ito'y naghahayag mismo: na si Jesus ay ang Diyos, at siya ang diyablo (at siya'y wawakasan), at ang kaluwalhatian ng pinaging banal na Iglesya ay pauwi na sa tahanan sa Diyos, at ang tiyak na kapahamakan ng bulaang propeta, at lahat sila na nagsisinungaling at gumagawa ng lahat ng mga ganoon ay maiwawaksi sa dagat-dagatang apoy. Hindi nakapagtataka na kanyang inilalayo ang mga tao mula Rito. Pero, alalahanin n'yo, pareho itong nangungusap ukol sa Punongkahoy ng Buhay na nasa Paraiso.

212 Ngayon kunin lang natin ito pansumandali, at ngayon ang "Punongkahoy." San Juan sa ika-6 na kabanata, kung nais n'yong ilista, ang sabi ni Jesus, "Ako ang—ang—ang Tinapay ng Buhay." Ngayon, tandaan n'yo.

213 Ngayon gagamitin natin itong dalawang haligi rito bilang simbolo. Tapos, bago mismo tayo magtapos, ngayon. Ngayon,

dito sa kanan ko ay ang punongkahoy sa halamanan na tinawag na Punongkahoy ng "Buhay," dito naman sa kaliwa ko ay ang punongkahoy sa halamanan na tinatawag na punongkahoy ng "pagkaalam." Ilan dito ang nakakaalam na sinasabi ng Biblia na mayroong Punongkahoy ng Buhay at mayroon punongkahoy ng pagkaalam? Ngayon, dapat na sa pamamagitan ng Punongkahoy ng Buhay mabubuhay ang tao, huwag hipuin ang punongkahoy ng pagkaalam. Tama po ba? At noong unang beses na hipuin ito ng tao, nahiwalay ang tao mula sa kanyang Manlilikha. Naiwaglit niya ang kanyang—kanyang pakikipagbuklod sa Diyos noong unang beses na kumagat siya sa pagkaalam. Ngayon, bulayin n'yo 'yung maigi ngayon. At sa inyo na naglilista, magbibigay ako ng oras para makuha n'yo ito, dahil ayaw kong mapalampas n'yo ito.

214 Si Jesus, sa San Juan 6. Sila'y umiinom mula sa isang bukal, at nagmumuwestra-muwestra ng kanilang kamay at nanlilibak dun, na, ang kanilang mga magulang daw ay uminom noon mula sa espirituwal na Bato, at kung ano pa. Ang sabi Niya, "Ako ang Bato na 'yun na nasa ilang."

215 At ang sabi nila, "Heto't sinasabi mo na ikaw ay naroon na 'bago pa si Abraham,' anupa't hindi ka pa lampas ng limampung taong gulang. Tapos sinasabi mo na iyong 'nakita si Abraham'? Alam na namin ngayon, na, isa kang baliw, isa kang diyablo." Kita n'yo?

216 Ang sabi Niya, "Bago pa man si Abraham, AKO NGA." AKO NGA ay naroon sa palumpong kasama si Moises; ang nagniningas na kahoy, AKO NGA. "Bago pa man si Abraham, AKO NGA"; hindi "Ako noon."

217 Ngayon, sa inyo na mga taong nagsasabi na ang mga araw ng himala'y lipas na, ang dapat pala'y ibinubunsod n'yo ang Kasulatan na sabihin, "Ako ang dakilang Ako noon." Kita n'yo?

218 Hindi "Ako noon," o "Ako sa hinaharap"; "AKO NGA," 'yun po'y sa lahat ng panahon. Siya'y Walang Hanggan. Ang salitang "AKO NGA" ay Walang Hanggan, lahat ng kanilang kapanahunan, lahat ng panahon, nasa lahat na pitong gintong kandelero, nasa bawat iglesya, bawat lugar, bawat puso. "AKO NGA," (hindi "Ako noon" o "Ako sa hinaharap") "Ako mismo ngayon gaya ng kung papaano Ako sa tuwina." Kita n'yo? "Sa tuwina, AKO NGA."

219 Sinasabi nila, "Ang aming mga magulang . . . Hindi Ka namin kilala. Ang alam namin Ikaw ay isang diyablo." Sabi, "Ang mga magulang namin noon ay kumain ng manna sa ilang sa loob ng apatnapung taon."

220 Tapos sabi ni Jesus, "At ang bawat isa sa kanila'y namatay." Tama ba? "Lahat sila'y namatay. Pero Ako . . . " Oh! "Ako ang Tinapay ng Buhay na nanggaling sa Diyos mula sa Langit.

Kung. . .Isang Tinapay ng Buhay. Kung may tao na kakain sa Tinapay na ito ay hindi siya kailanman mamamatay."

221 "Ibibigay ba ng lalaking ito ang kanyang katawan, para kainin?" sabi nila, "Ngayon baliw nga talaga siya, tunay nga."

222 Ang Tinapay ng Buhay ay mula sa Punongkahoy ng Buhay, kung saan sila noon ay kumakain, mula sa halamanan ng Eden. Siya yaong Punongkahoy ng Buhay. Ngayon, kung ang Punongkahoy ng Buhay ay isang Persona, kung ganoon ang puongkahoy ng pagkaalam ay isa ring persona. Ngayon n'yo sabihin na ang serpiyente'y walang binhi! Kung ang Buhay ay dumating sa pamamagitan ng Lalaki, ang kamatayan ay dumating sa pamamagitan ng babae. Buweno, ang babae ay ang punongkahoy ng kamatayan.

223 Noon ngang—noon ngang lapastanganin siya nito, na ginawa niya (nitong serpiyente), ang sabi ng babae, "Dinaya ako ng serpiyente." Ganoon nga. Hindi isang ahas; siya ang pinaka tuso sa lahat ng mga hayop noon, siya'y nasa pagitan ng unggoy at ng tao. Ang binhi ng hayop ay hindi maihahalo sa taong babae, hindi uubra; pero ang nilalang na ito, siya 'yung sunod na nilalang na pinakamalapit sa tao. At naglagay ang Diyos ng sumpa sa kanya na isinubasob siya ng Diyos sa kanyang tiyan, at niwalan ng mga binti, at kinuha ang bawat buto sa kanya at binago siya mula sa anumang pagiging itsurang tao. Sinisikap ng siyensiya na makahukay ng ganoon sa parang. Yun nga'y naikubli sa mga hiwaga ng Diyos, sa gitna ng Paraiso ng Diyos. Hayan ang kapahayagan sa inyo.

224 Isinilang ng babae ang una niyang anak na si Cain (Tama ba?), ang anak ni Satanas, anak mismo ni Satanas. Kung hindi nila 'yun anak, haya't saan—saan nanggaling ang kasamaang 'yun? Manggagaling ba kay Adan na siyang anak ng Diyos? Nanggaling mismo sa diyablo, sa kanyang ama. At siya'y pumatay; ang unang mamamatay-tao ay ang diyablo, ang anak ng diyablo.

225 Tingnan n'yo kung anong nangyari pagkatapos nun, masdan n'yo 'yung lahi ni Cain. Pababa sa henerasyon na sumunod, pagkatapos ni Cain, haya't ang bawat isa'y siyentipiko at magagaling na tao. Basahin n'yo ang Biblia. Nagtayo sila ng mga bahay, nagpanday sila ng bakal, at sila'y mga siyentipiko. Pero ang bawat isa na nanggaling kay Set, (Si Abel nga'y namatay, isang tipo ni Jesus, na namatay; at nung mamatay si Abel, si Set ang humalili sa lugar niya: kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli.) . . .mula sa kanya'y umusbong ang mapagpakumbabang mga magsasaka, mga tagapagpastol ng tupa ang bumunsod mula roon.

226 Ngayon ang sabi ni Jesus, "Ang inyong mga magulang ay kumain ng manna sa ilang at silang lahat ay patay. Subalit Ako ang Tinapay ng Buhay," (Anong Tinapay ng Buhay? Mula sa

Eden!) "na maaaring kainin ng tao ang Tinapay na ito at hindi mamamatay." Ngayon, naglagay ang Diyos ng Anghel sa palibot ng Punongkahoy ng Buhay, para bantayan ito para walang makakahawak dito, maliban na kainin nila ang Punongkahoy na 'yun at mabuhay nang magpakailanman. Tama ba?

227 Dahil, anupa't magpapatuloy sila sa punongkahoy na isa rito't mamamatay. Tama ba? Dahil, hangga't kumakain at kumakain sila mula roon, sila'y patay. At kung gaano ngang katiyak na kayo'y mamamatay kapag kumakain kayo mula sa punongkahoy ng pagkaalam . . . Ngayon, tingnan natin ang punongkahoy na ito ng pagkaalam ngayon. Tingnan n'yo kung anong ginawa nito. Ngayon tingnan natin kung anong ginawa nito. Ang unang bagay, sige't tingnan natin, ito'y . . . Buweno, tingnan natin ang isa na kanilang . . . inimbento nito ang pulbura ng baril. Pinapatay nun ang ating mga kasamahan. Siyanga, pinapatay natin ang isa't isa gamit ang pulbura ng baril, mula sa punongkahoy ng pagkaalam. Ang kasunod na ginawa natin, sige't tingnan natin, inimbento natin—inimbento natin ang sasakyan, mula sa punongkahoy ng pagkaalam. Mas madami pang napapatay nun kaysa sa pulbura ng baril. Oh, siyanga! Ngayon, mayroon na tayong bombang hydrogen. Ang Diyos ay di nangwawasak ng anumang bagay, ang tao ang nangwawasak sa pamamagitan ng sarili niyang kaalaman.

228 Pero ang lahat ng sa Diyos, ibabangong muli ng Diyos; hindi nawawaglitan ang Diyos. Yan mismo ang sinabi ni Jesus, siyanga, "Ang kumakain ng Tinapay na ito ay may Buhay na Walang Hanggan, at ibabangon Ko siyang muli sa huling araw." Yun ang pangako Niya. Ngayon, ang Diyos . . .

229 Mas nangunguna sila, na kumakain mula sa punongkahoy ng pagkaalam at namamatay. Pero kung sila'y makadadako nga sa Punongkahoy na ito, mabubuhay sila nang magpakailanman.

230 Kaya ngayon sa halip na isang Anghel ang pumipigil sa kanila na makalapit sa Punongkahoy na ito, naroon 'yun na dinadala na sila *patungo* sa Punongkahoy na ito; ang mga anghel ng mga iglesya, ang pitong iglesya, dinadala sila pabalik patungo sa Pangalan ni Jesus Cristo na siyang ang Punongkahoy ng Buhay na nakatayo sa Paraiso ng Diyos. Whew! Grabe! Umaasa ako na nakukuha n'yo 'yan. Ang Punongkahoy na nakatayo sa Paraiso ng Diyos nang sa gayon ay makabahagi kayo sa Kanya at maging anak na lalaki't anak na babae ng Diyos at mabuhay nang magpakailanman. "Ang dumiririnig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi madadako sa paghatol bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

231 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ngayon ako'y . . . ako . . . Tiyak, na aking . . . Aking—aking natamaan kayo, nasaktan kayo. Hindi ko—hindi ko ibig na gawin 'yun sa ganoong paraan.

Kita n'yo? Alam 'yun ng Diyos, pero kinakailangan kong gawin 'yun sa paraan na ito para maipakita sa inyo kung saan na tayo naroon. Naniniwala ako na hindi na ganoong katagal ang ipapanatili natin. Hindi ko pinalalabas na hindi kayo Cristiano kapag kayo'y kabilang sa isang organisyasyon. Hindi ganoon. Ang mga tao'y biktima lang ng sirkumstansya. Hindi nila alam kung anong kanilang mainam na gagawin; ang ginagawa sa tuwina ng kanilang mga magulang ay umanib sa iglesya at mga bagay-bagay.

232 Pero, kapatid, isang bagay na lang bago tayo umalis, hayaan n'yong banggitin ko ang isa pang sipi na ito. Ang sabi ng propeta. . . Naniniwala ba kayo sa mga propeta? Ang sabi ng Biblia'y makinig kayo sa kanila. Ang sabi ng propeta, "Darating ang panahon na hindi araw at hindi rin gabi, kundi isang tila mapanglaw na araw. Ngunit sa oras ng gabi, bago lumubog ang araw, Magliliwanag." Tama ba?

233 Ngayon tingnan n'yo kung anong mayroon tayo. Ngayon, tingnan nga natin. Papaano gumagawi ang araw. . . Saan ba sumisikat ang araw, sa aspeto ng direksyon? Sa silangan. Tama ba? Lumulubog naman sa kanluran. Sana nagdala pala ako. . . Magdadala ako ng mapa bukas ng gabi at ipapakita sa inyo. Noong ang Espiritu Santo'y bumaba sa Jerusalem, tumugaygay 'yun nang ganap na hugis walo, sa dinaanan Nito. Nagtungo 'yun diretso sa Irlandes, umarko nang kaunti, tumungo sa direksyon na 'yun, at dumating sa ating Kanlurang Baybayin, at bumaba't pabalik muli; isang ganap na hugis walo ang dinaanan nung Ebanghelyo. Ngayon, ang sibilisasyon ay naglalakbay gaya ng araw. Ilan ang nakakaalam nun? Itinuro 'yun sa inyo at alam n'yo 'yun. Ang pinaka matandang sibilisasyon na mayroon tayo ay ang Tsina, at pagkatapos mula dun ang araw ay naglakbay sa ibayo ng silanganan. At noong ang Espiritu Santo, hindi a-r-a-w, kundi A-n-a-k. . .

234 Kapag ang araw, ang a-r-a-w, ay nagsimulang tumagos ang sinag sa ulap at kulimlim ng gabi, kahit nasaan pa ang binhi, mabubuhay at mabubuhay ito; dahil ang lahat ng halaman ay nabubuhay sa pamamagitan ng araw. Alam natin 'yan. Magawa n'yo man na buhusan ng semento ang ibabaw ng kapirasong damo, at sa susunod na tagsibol, nasaan ang pinaka makakapal na damo? Doon mismo sa bawat dulo ng semento. Bakit? Dahil dun sa buhay na naroon sa ilalim, hindi n'yo maitatago ang tunay na buhay. Yaong munting buhay na 'yun, pagkaalam na pagkaalam pa lang nun na ang araw ay sumisinag na sa dako roon, gagapang nga 'yun nang kalahating bloke ng siyudad halos, susuungin ang ilalim ng semento hanggang sa maiusli nito palabas ang kanyang ulo sa ere at magpuri sa Diyos.

235 Hindi n'yo maitatago ang Buhay. Ganoon nga, BUHAY. Kapag kayo'y ipinanganak na muli hindi n'yo Ito maitatago. May bagay na sisigaw kapag kamit n'yo ang Buhay.

236 Ngayon, lahat ng mga bagay na patay ngayon, at ang—ang munting mga binhi'y nabiyak man, natuyo man ang dagta, at patay na ito, pero ang buhay ay naroon pa rin. Ngayon, kapag ang araw ay magsisimulang suminag sa tagsibol, ang mumunting mga bulaklak ay tutubo, at ang lahat ay ilalabas ang kanilang ulo uli (lalabas mula sa ilalim ng mga biyak, lalabas mula sa ilalim ng mga troso, lalabas sa ilalim ng mga bato), sisibol silang muli, at mabubuhay muli. Tama ba? Dahil ang a-r-a-w ay sumisinag.

237 Ngayon, darating ang araw na ang A-n-a-k ay sisinag, na siyang May-Akda ng Buhay na Walang Hanggan, at ang lahat na nasibulan sa Kanya para sa Buhay na Walang Hanggan, ang sabi Niya, "Aking ibabangon ito sa huling araw." Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ibabangon ang Buhay na Walang Hanggan sa huling mga araw. Kung kayo'y nailibing sa dagat, o sinunog man nila ang iyong katawan at isinaboy sa apat na hangin ng mundo, ibabangon ito ng Diyos sa huling araw. Kung kayo man ay nagpunan sa tiyan ng gutom na leon, o—o itinapon sa hukay na nag-aapoy na ihihiwalay ang lahat ng—ng—ng labing-anim na petrolyo at kosmikong liwanag at lahat mula sa inyo, ibabangon ito ng Diyos. "Ang mismong mga buhok sa inyong ulo ay bilang." Amen! Ibabangon ito ng Diyos!

238 Ngayon, tingnan n'yo rito. Ngayon, kung ang bawat tao'y namamatay sanhi ng babae, kung ganoon ang bawat tao ay mabubuhay sanhi ng Lalaki. Kung makikibahagi ka sa babae sa ganoong uri ng buhay, alam mo na mamamatay ka. Wala ka ngang lusot dun, mamamatay at mamamatay ka. At kung papaano ngang tiyak na kumakain ka Riyan, ikaw ay mabubuhay; walang daan para matakasan 'yun, mabubuhay at mabubuhay ka. Amen! Kung positibong magbubunsod 'yun ng kamatayan, Ito'y positibong magbubunsod ng Buhay. Yun ang tanging paraan para matanggap mo ito, ang magkaroon ng Buhay.

239 Ngayon, ang sabi ng propeta, ay, "Magliliwanag sa oras ng gabi." Ngayon tingnan n'yo. Ang sabi niya'y magkakaroon ng isang araw na mapanglaw, na hindi matatawag na araw o gabi. Medyo magiging maulap, makulimlim, malamig na araw, pero sa kabila nun ang Anak ay magbibigay ng Liwanag. Doon sa mataas na mataas sa ibabaw ng mga usok at mga ulap at iba pa, ang Anak ay magbibigay ng Liwanag. Magbibigay Ito sa inyo ng sapat na Liwanag para makalakad, at para makita n'yo nang mas malinaw ang mga dadaan-daanan, at iba pa, pero sa kabila nun ay—ay hindi 'yun maliwanag, na maaliwalas na araw. Kita n'yo? Ngayon, wala ngang halos mabubuhay sa araw na ganyan.

240 Kung magtatanim kayo ng kung anong bagay sa ilalim ng kung saan hindi 'yun tinatamaan ng araw, 'yun nga'y mababansot. Hindi po ba't tama? Kayo na mga magsasaka'y alam n'yo 'yan. Ipuwesto n'yo ang mais sa ilalim ng lilim o kung

saan, antabayanan n'yo, mababansot ito. Fred, alam mo nga 'yan dahil sa trigo mo. Ilagay n'yo 'yun dun, at kung masama-sama pa ang tag-init n'yo, oh, malamig at maulan, mababansot 'yun.

241 Buweno, 'yan ang problema sa iglesya sa pagtugaygay sa mga kapanahunang ito, ito'y nababansot. Ito'y nababansot ng mga denominasyon, "Ilagay n'yo ang pangalan n'yo sa aklat ng mga miyembro. May kamit kaming sapat na Liwanag para mapagkilala na mayroong isang Diyos." Ikinagagalak ko 'yun. "May sapat kaming Liwanag para mapagkilala na mayroong Cristo, may parating na paghatol. May kamit kaming Liwanag; kaya inilalagay namin ang aming mga pangalan sa aklat ng mga miyembro, nakikipagkamay kami sa pastor, at iba pa, at ginawa ang ganoon." Buweno, pero ngayon oras na ng gabi.

242 Ngayon, ang sibilisasyon ay naglalakbay mula silangan patungong kanluran, at ngayon narito na tayo sa Kanlurang Baybayin. Hindi na tayo makalalayo pa; tumawid na tayo, tayo'y pabalik na sa Silangan uli. Hindi na tayo makalalayo pa, narito na tayo sa Kanlurang Baybayin.

243 Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Sa oras ng Gabi ay darating ang Liwanag." Ngayon, anong klaseng araw ang nagliliwanag sa oras ng gabi? Yun ba'y ibang araw kaysa dun sa sumisikat sa umaga? Yun nga'y ang siya ring araw. Tama ba? Buweno, kung ganoon, ano ang ipinangako ng Diyos? Ngayon dadako na tayo rito, panghawakan n'yo ito, dito mismo sa kapanahunan na *ito*. Biblia mismo ang nagsabi, patutunayan ko ito, sa mga kapanahunan na ito ng iglesya, sa pagpapatuloy natin, na, "Sa oras ng gabi ay may sisinag na Liwanag sa Kanluran na ibabalik muli ang Araw ng Katuwiran na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak. At ang siya ring mga tanda't siya ring mga kababalaghan na ipinamalas noon doon sa Silangan ay gagawin dito sa Kanluran, na may kalakip na isa na namang pagbubuhos ng Espiritu Santo sa huling araw."

> Mangyayari na sa gabi ay magkakaroon ng Liwanag,
> Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong masusumpungan;
> Dito sa daang tubigan, na siyang Liwanag ng kapanahunan,
> Inilibing sa pinakamamahal na Pangalan ni Jesus.
> Mga bata't matanda, mangagsisi kayo sa pagkakasala,
> Tiyak na paparito lulukob ang Espiritu Santo;
> Heto na ang mga Liwanag na sa gabi'y dumarating,
> Di maikakaila ang totoo na Iisa ang Diyos at si Cristo.

Oh, mangyayari na sa gabi ay magkakaroon ng Liwanag,
Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong masusumpungan;
Dito sa daang tubigan, na siyang Liwanag ng kapanahunan,
Inilibing sa pinakamamahal na Pangalan ni Jesus.
Mga bata't matanda, mangagsisi kayo sa pagkakasala,
Tiyak na paparito lulukob ang Espiritu Santo;
Heto na ang mga Liwanag na 'yun na sa gabi'y dumarating,

244 Katulad mismo sa sinabi noon ni Pedro, "Maalaman ito sa inyo, na ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus, na inyong ipinako sa krus, na kapwa Panginoon at Cristo. Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo" ang sabi niya, "at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong pagkakasala."

245 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Gaya ng ipinapangusap ko nung isang araw tungkol sa *reseta ng doktor*. Ayaw ng mga taong tanggapin ang reseta ng doktor. Kung ang doktor ay may—may lunas na magpapagaling sa inyong karamdaman, at mabibigo ka . . . tatanggi ka na tanggapin 'yun, hindi na kasalanan ng doktor kung mamatay ka. Hindi, nga. Kasalanan mo na 'yun, dahil tumanggi ka na tanggapin 'yun.

246 At ngayon, kung ang doktor ay magsusulat ng reseta at siya . . . at dadalhin mo ang reseta sa isang pekeng parmasyutiko, at naglagay ang parmasyutiko ng kung ano roon na hindi naman dapat ilagay, papatayin ka nun, din. Tama ba? Pinag-aralan 'yun ng doktor na anupa't alam niya na 'yung reseta na 'yun ay may sapat na gamot-pangontra, para puksain ang mga peste sa iyong katawan; at may sapat na gamot-pangontra dun para labanan ang lason at hindi kayo nun mapatay. At kinakailangan na tamang-tama lang. Kung maparami ka ng lagay ng gamot-pangontra, hindi 'yun makatutulong sa pasyente; maparami ang pagkalagay ng pangontra, papatayin ka nun. Kinakailangan na tamang-tama lang.

247 Ang tanong ay, "Wala bagang balsamo sa Gilead? Wala bagang manggagamot doon?" ang sabi ng propeta. "Kung ganoon ay bakit hindi gumaling-galing ang sakit ng Aking anak na babae." Anong nangyayari sa iglesya? Anong nangyayari't napakarami nating kaawa-awang maysakit na mga kaiglesyahan? Dahil mayroon tayong mga pekeng parmasyutiko na ang pagkakaintindi sa Reseta ay mali. Ganoon nga. Hindi niya kailanman sinabi, "Ama, Anak, Espiritu Santo." Kanyang . . .

248 Ano ang sinasabi dun sa Reseta? Heto si Pedro. Ilan ang nakakaalam na nasa kanya ang mga susi ng Kaharian? Yan mismo ang sinabi ni Jesus. Ano ang sinabi Niya? Sa madaling sabi, nasa kanya ang de tintang panulat para sa Reseta.

249 Noong marinig ng mga tao ang lahat ng pagkakaingay na ito sa labas, (Sila nga'y nagsisihiyawan, sumisigaw, nagsasalita sa iba't ibang wika, at nagtatamasa ng maluwalhating panahon.) at sabi ng mga tao, "Ang mga taong ito'y lasing na lasing sa bagong alak."

250 Sabi ni Pedro, "Hindi sila lasing sa bagong alak, gaya ng inaakala n'yo, yamang nakikita na ikatlong oras pa lang ng araw. Datapuwat ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel, 'Mangyayari sa huling araw,' sabi ng Diyos, 'Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang iyong mga anak na lalaki't mga anak na babae'y magpropropesiya, at sa Aking lingkod na mga babae't lingkod na mga lalaki'y ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at sila'y magpropropesiya. At Ako'y magpapakita ng mga tanda sa kalangitan sa itaas, at sa lupa sa ibaba; apoy, at usok, at singaw. At mangyayari na sinuman ang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay hindi . . . o siya'y maliligtas.'"

251 At liban pa dun may sinabi siya tungkol kay David, sabi niya, "Pauna nang nakita ito ng Patriyarkang si David, at sabi niya, 'Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pag-asa dahil hindi Niya iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni titiisin Niya ang Kanyang Isang Banal na makakita ng pagkabulok.' Hayaan n'yong makapangusap ako sa inyo nang malaya, mga kapatid, tungkol sa patriyarkang si David, siya'y kapwa patay na at nakalibing, at ang kabaong niya'y narito sa atin hanggang sa araw na ito. Kita n'yo, pero siya, sa pagiging propeta, ay nakita ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Maalaman nga sa inyo, na ang Jesus na ito, na inyong ipinako sa krus gamit ang masasamang kamay, ginawa Siya ng Diyos na kapwa Panginoon at Cristo."

252 Noong marinig nila ito, sila'y natusok sa kanilang puso, at ang sabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid," o, "Dr. Simon Pedro, isulat mo para sa amin ang Reseta. Papaano namin makukuha Ito? Nais namin ng lunas para sa kasalanan." Oh!

253 Ngayon masdan n'yo siya, kung anong sinabi niya. Ngayon makikita n'yo kung saan nalihis sa daan ang mga kaiglesyahang ito. Ang sabi niya, "Sandali lang! Isusulat ko ang Reseta, at ito'y magiging Walang Hanggang Reseta. Ito'y magiging para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, at sa marami na tatawagin ng Panginoon nating Diyos."

254 Anong sinabi niya? Papaano niya inayos 'yun? Katulad ba ng mayroon ang Katoliko? Katulad ba ng mayroon ang Baptist? Katulad ba ng mayroon ang Baptist? Bawat isa sa

kanila'y may idinagdag o may inalis mula Rito. Katulad ba ng sa mga Pentecostal? Sila man ay nagdagdag o nag-alis din. Pero ano ang sinabi niya? "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo." Isang Walang Hanggang Reseta! "Ito'y para sa inyo, at sa inyong mga anak; ito'y magtatagal pausad sa bawat kapanahunan ng iglesya, ibigay n'yo Ito sa bawat isa sa kanila."

255 Oh Diyos, linisin Mo po ang mga kamay ko. Iyo pong linisin ang aking puso, Panginoon. Nawa . . . Kung ang katumbas man ay bawat kaibigan na mayroon ako, nawa'y akin pa ring maibigay ang Reseta sa paraan na ibinigay Ito ng Doktor.

256 Yan ang dahilan kung bakit napakarami n'yong patay na mga iglesya, napakaraming patay na mga miyembro. Nagdadagdag kayo ng kontra-lunas, at nag-aalis ng ganoong karami mula Rito na ang Reseta'y ibang-iba na mismo, na hindi na 'yun nakakapagpagaling pa; pakikipagkamay, at pag-anib sa mga iglesya, at pagwiwisik. Oh, kahabagan, hindi na 'yan ang Reseta, kamatayan na 'yan. Kung ang nais mo'y Buhay, at nag-aasam ka ng Espiritu Santo, sumunod ka sa sinabi ng Diyos na gawin. Sundin mo mismo ang Reseta! Ganoon na ganoon mismo ang ang pagkakasabi Niya, "Huwag kayong magdagdag Dito o mag-alis man mula Rito." Pagkatapos hetong sumapit sa Apocalipsis at ang sabi, "Sinuman ang mag-alis o magdagdag, siya rin ay aalisin (ang kanyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay." Oh, grabe, 'yun na po 'yung *pangunahing* Doktor. Oh, iniibig ko Siya. Hindi ba't kayo rin?

257 Oh, sa dakilang kapanahunan na 'yun, ng Kapanahunan ng Efeso, noong ang hidwang pananampalatayang ito'y nagsimulang makapasok, para bumuo ng mga organisasyon. At may mga pastor at mga diyakono . . . o hindi po pala mga diyakono, kundi pastor . . . hindi na mga pastor, kundi mga Kardinal, mga obispo, mga papa, mga tagapangasiwa ng iglesya, na sinasabi sa Espiritu Santo, sinasabi sa Iglesya, "Ngayon, hindi n'yo 'yan maaaring papasukin dito!" Sino ba ang boss, siyanga?

258 Hiniling 'yan kay Pedro isang beses. Sabi, "Hindi ka na maaaring mangaral sa Pangalan ni Jesus. Maaari ka pa namang makapangaral, pero hindi na sa Pangalan ni Jesus." Oh, kinaiinisan ng diyablo ang Pangalan na 'yan!

259 Sabi ni Pedro, "Tama ba na ako'y . . . " Sabi ng Biblia, "Si Pedro yamang puspos ng . . . " (denominasyon ba?) Oh, ah, " . . . ng Espiritu Santo." Sabi, "Sandali lang, puntahan ko muna ang pangkalahatang tagapangasiwa, para malaman kung ano ba ang sasabihin niya sa akin na gawin ukol Dito."

260 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Alam n'yo ba na ang Assemblies of God ay may sikayatrista para ito ang magpasya, at kinukuha at pinapapunta ang kanilang mga misyunero sa harap ng sikayatrista, para masuri kung ang tao bang ito'y may kakayahan sa pag-iisip para maging isang misyunero? Pentecostal Assemblies of God. Ilan po ang nakarinig na tungkol dun? Tunay, balitang-balita, alam na ng lahat. Totoo. Sino ba ang dapat tumingin sa misyunero at magpapasya, ang sikayatrista ba o ang Espiritu Santo? Kita n'yo, diyan kayo napapadpad, sa pagkakaroon ng tao. Kita n'yo, gawang-tao na mga teorya, gawang-tao na mga doktrina. Hintayin n'yo lang hanggang sa makarating tayo sa pagtalakay sa kapanahunan ng Pentecostal na 'yun! Susunugin at susunugin ng Diyos ang bagay na 'yun siguradong-sigurado. Siyanga, po. Siyanga't, ganoon nga. At makikita n'yo 'yun na nasusunog na hanggang sa pinakababa. Uh, hum. Mismo.

261 Pero isang maluwalhating araw Siya'y darating. At alalahanin n'yo, pakinggan n'yo, may pitong kapanahunan ng iglesya. Tama ba? May pitong kapanahunan ng iglesya. At naalala n'yo ba noong lumabas sila para katagpuin ang Nobya—Nobyo, ang ilan sa kanila'y natutulog sa unang pagbabantay (Tama ba?), sa ikalawang pagbabantay, (Tunay, hindi—hindi namatay, nakatulog.) ikatlong pagbabantay, ikaapat, ikalimang pagbabantay, ikaanim na pagbabantay; at sa ikapitong pagbabantay ay dumating ang isang tunog, "Narito, dumarating na ang Nobyo! Lumabas kayo para katagpuin Siya!" Anong nangyari? Lahat sila na mga birhen na natutulog, ay nagising.

Sa maliwanag at maaliwalas na umagang iyon kapag ang mga patay kay Cristo ay mangagbabangon, (Maaliwalas, magliliwanag ang mga panggabing Liwanag na 'yun.)
At ang umaga'y babaybay sa Walang Hanggan, maliwanag at puno ng kasiglahan;
Kapag magtitipun-tipon na ang mga pinili sa kanilang tahanan sa ibayong papawirin,
Kapag tinatawag na ang pangalan doon, ako'y naroon.

When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder, I'll be there.

Let us labor for the Master from the dawn till setting sun,
Let us talk of all His wondrous love and care;
Then when all of life is over, and our work on earth is done,
When the roll is called up yonder,. . .

Bawat anak ng Diyos ay magtaas ng kanilang mga kamay ngayon:

When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder,
When the roll is called up yonder, I'll be there.
(Oh!)

In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore;
In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore.

262 Gustung-gusto n'yo ba ang mga lumang awitin ng simbahan? Oh!

To our bountiful Father above,
We will offer our tribute of praise,
For the glorious gift of His love,
And the blessings that hallow our day.

In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore;
In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore.

Ngayon makipagkamay kayo sa mga nasa paligid n'yo, sa buong palibot po nang paganyan. Mainam.

Sweet by and by,

Sabihin n'yo, "Makikita kita roon kapatid."

We shall meet on that beautiful shore;
In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore.

We shall sing on that beautiful Shore,
The melodious song . . .

Sige't awitin ito ng lahat ngayon.

And our spirit shall sorrow no more,
Not a sigh for our blessings of rest.

Ang lahat po, habang nakataas ang inyong mga kamay:

In the sweet by and by,
Oh, we shall meet on that beautiful Shore;
In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore.

263 Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon, sabihin natin ito:

Panginoong Jesus, Iniibig Kita. Nananampalataya ako na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, ang Diyos ay nahayag sa laman para iwaglit ang aking pagkakasala. Hindi ako nananangan sa aking mga nagawa, wala po ako nun, bagkus

ako ay mapitagan na nagtitiwala sa mga gawa ni Jesus Cristo na aking Tagapagligtas, aking Diyos, aking Hari. Iniibig ko Siya. Amen.

264 Bukas ng gabi nang alas siyete, loobin ng Panginoon, tatalakayin natin ang iglesya ng Smirna.

In the sweet . . .

Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon.

(Oh, by and by!)
We shall meet on that beautiful Shore; (By and by!)
In the sweet by and by,
We shall meet on that beautiful Shore.

Ngayon nang marahan, bawat isa, nang taimtim:

Oh, to our bountiful Father above,
We will offer our tribute of praise,
For the glorious gift of His love . . .

*Ang Kapanahunan Ng Iglesya Ng Efeso* TAG60-1205
(The Ephesian Church Age)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Disyembre 5, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org